# Modyul 9
# Iba't Ibang Panandang Diskurso at Mga Uri ng Teksto



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Isang magandang araw kaibigan!

Narito ang panibagong modyul na inihanda ko para sa iyo. Tulad ng ibang modyul, madali lamang ang modyul na ito. Mahalaga lamang na magfokus at maglaan ka ng kaunting oras upang matagumpay mong matugunan ang mga pangangailangan ng modyul na ito.

Bahagi ng pag-aaral ang pagbabasa. Sa pamamagitan ng pagbabasa, nagiging malawak ang iyong kaalaman sa maraming bagay. Napapayaman mo ang kaban ng iyong kaalaman. Ngunit kung minsan, ang mga ideya, kaisipan, at kaalaman na taglay ng isang teksto ay mahirap maunawaan o maintindihan ng isang mambabasa, hindi ba? Kung kaya, hindi masasabing matagumpay ang pagbabasa kung may mga hadlang sa matagumpay na pag-unawa sa mga ideya o konsepto na gusting ibahagi ng awtor.

Sa pamamagitan ng modyul na ito, tutulungan kitang maiwasan o malagpasan ang mga hadlang sa pag-unawa ng ideya at konsepto na taglay ng teksto. Tuturuan kitang makilala at magamit nang wasto ang iba't ibang panandang diskurso na ginamit ng isang teksto, magamit nang tama ang mga salita ayon sa tindi ng kahulugan nito, matukoy kung anong teksto ang iyong binabasa, kung ito ba ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ, at iba pang kasanayan na maaari mong matamo sa pag-aaral ng modyul na ito.

Handa ka na ba? Ang dami, ano? Pero huwag kang mag-alala, kayang-kaya mo 'to.


Isang masayang pag-aaral sa iyo!



## *Ano ang matututunan mo?*

Inaasahang sa pamamagitan ng modyul na ito, maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakikilala at nagagamit nang wasto ang iba't ibang panandang diskurso
2. Nagagamit ang salita ayon tindi ng kahulugan nito
3. Natutukoy kung ang teksto ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ
4. Nakasusulat ng alinmang sa uri ng tekstong natalakay



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Ngayong hawak mo ang modyul na ito, gawin ang mga sumusunod:

1. Kung may malabong panuto o anumang bahagi ng modyul, magtanong sa iyong guro o kung sinumang may ganap na kaalaman.

2. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot sa mga pagsusulit at iba pang gawain. Huwag itutupi ang mga pahina ng modyul dahil gagamitin pa ito ng iba.

3. Itala ang mahahalagang impormasyon at kaisipan sa isang hiwalay na kuwaderno. Makatutulong ito upang madali mong mababalikan ang mga liksyon.

4. Basahing mabuti ang mga babasahin o teksto. Malaking tulong ito upang makamit mo ang mataas na antas na kaalaman.

5. Ang mga tamang sagot (*answer key*) sa panimula at pangwakas na pagsusulit ay kukunin sa guro pagtakapos mong masagutan ang mga aytem.

   Maraming salamat kaibigan!



# *Ano na ba ang alam mo?*

Ngunit bago mo simulan ang mga gawain sa modyul na ito, gusto ko munang alamin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pang-unang pagsusulit. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong makuha. Ang layunin ko lamang ay masukat ang iyong kaalaman sa mga araling iyong kakaharapin sa modyul na ito. Kaya't maging matapat ka sana sa iyong pagsagot.

Maaari ka nang magsimula.

I. Tukuyin kung saan ginagamit ang mga sumusunod na panandang diskurso. Piliin sa kahon ang titik ng iyong sagot.

| | |
|---|---|
| a. enumerasyon | b. order/pagkakasunud-sunod |
| c. komparison at kontras | c. sanhi at bunga |

_____1. Ang mga hakbang ay …
_____2. Ilan sa mga …
_____3. Salungat sa …
_____4. Dahil sa …
_____5. Gayan ng una…pangalawa...
_____6. Kabaligtaran ito…
_____7. Ang mga patunay …
_____8. Ganito ang dapat gawin…
_____9. Gayundin ang …
_____10. Kabilang dito…

II. Lagyan ng panandang diskurso ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tulad ng | Gayundin | | Ilan sa mga | Higit na |
| dahil sa | kaya | katulad ng | kabilang dito | gaya ng |
| Unang…Sumunod…At ang pinakahuli | | | sanhi ng | |

1. ___________makikita ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa ilang ulit na pagtaas ng presyo ng mga produktong ptrolyo, kuryente at tubig nitong unang hati ng 2005.
2. Hindi masusuportahan ng mamamayan ang anumang bagong gobyerno na hindi makakagawa ng kagyat at medium term na aksyon para maibsan ang tindi ng kahirapan ng mamamayan. _______________ kagyat na hakbang ay: (a) pagtatakda ng mga kontrol sa presyo ng mga bilihin, laluna ang mg batayan at mahahalagang proukto at serbisyo (3) ______________ ng produktong pangkonsumo, petrolyo, tubig at kuryente.
3. Mismong sa loob ng gabinete ni Arroyo ay bumaliktad na rin. ____________ ang mga pulitiko at lider ng mga koalisyong nagtaguyod sa gobyernong Arroyo.
4. Ang kompyuter ay nagagamit sa halos lahat ng bagay ____________ ng komunikasyon, enterteynment at pag-aaral.

5. Bukod sa taunang pagdiriwang ng Pista ng Masskara, marami pang pang-akit ang lungsod sa mga turista, _______________ ang mga lumang simbahan sa Bacolod, ang mga parke, ang mga museo, at iba pang pook libangan.
6. May 59 na embahada at 19 na konsulado ang Pilipinas sa iba't ibang mga bansa, ________________ napapanatili ang mabuting pakikipag-ugnayan at napangangalagaan ang interes ng Pilipinas at kapakanan ng mga Pilipinong nasa ibang mga bansa.
7. Natuklasan na marami sa mga kababaihan ay natatakot na gumamit ng contraceptive ________________ pangamba na may masama itong epekto sa kalusugan.
8. Tatlong linggo nang binubulabog ng mga nakamamatay na karamdamn ang ating lalawigan. _____________ bumati sa atin ang balitang may kaso ng bird flu sa isang poultry sa Calumpit. _____________ ay ang pitong-buwang sanggol na hinihinalang namatay dahil sa sakit sa meningococcemia. At ang _____________, dengue fever na dumale sa 17 katao sa San Miguel.
9. Hindi ito ang unang pagkakataong naging saksi tayo sa mga eksena ng desperasyon at pagmamakaawa ______________ labis na pag-aalala at pagkatapos, ng matamis na ngiti at luwalhating dulot ng pagbabalik ng ating mga OFW sa mainit na yakap ng kani-kanilang pamilya.
10. Ang amoy ng hanging nalalanghap natin ngayon ay halos ______________ ng hanging una nating nalanghap noong 2001, ang pinakahuli at pinakabagong alaala natin ng EDSA at demokrasya.

III. Piliin ang wastong salita. Isulat ang tiktik ng iyong sagot.

1. Si Asyong Aksaya ang _____________ kathang tauhan ng kilalang kartunistang si Larry Alcala.
   a. pinakapaborito
   b. pinakasikat
   c. pinakakilala

2. Ang Kalabog en Bosyo ang _____________ kwento sa komiks ni Alcala.
   a. pinakaluma
   b. pinakamatanda
   c. pinakamakasaysayan

3. Ang mga pamilya mula sa rehiyon ng Caraga ang may ______________ na kita sa buong Pilipinas.
   a. pinakakarampot
   b. pinakakaunti
   c. pinakamaliit

4. Maraming naging ______________ sa pagtanggap sa Filipino bilang wikang pambasa.
   a. hadlang
   b. harang
   c. pader

5. Malaking bahagi sa kaunlaran ng buong bansa ay _______________ sa pag-unlad ng kabuhayan ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.
    a. nakasalalay
    b. nakadepende
    c. nakasandal

6. Ang karapatan na magkaroon ng _______________ tirahan ay isa sa mga matagal nang ipinapaglaban ng mga maralitang pamilya.
    a. marangya
    b. disente
    c. maayos

7. _______________ ng Korte Suprema ang pagpapatupad ng VAT law noong Hulyo 1 dahil sa mga sinampang petisyon na naglalayong _______________ ang batas.
    a. Itinigil, mapawalang-halaga
    b. Sinuspindi, mapawalang-bisa
    c. Isinara, maibasura

8. Patuloy na _______________ ng gobyerno ang pag-alis ng maraming manggagawa at profesyunal na Pilipino dahil sa halaga ng mga remitans na nagmumula sa kanila.
    a. niyayaya
    b. hinihikayat
    c. pinipilit

9. Ayon sa 90.7% Pilipino, dapat ipatupad ng pamahalaan ang ________________ ng sahod ng mga manggagawa para _______________ sila sa sunud-sunod na pagtaas ng mga bilihin.
    a. pagdaragdag, makahabol
    b. pagpapataas, makaagapay
    c. pagpaparami, makalaban

10. Si Soy Onthai ay isa sa maraming Thai na ______________ sa kalunsuran upang maghanap ng mabuting kapalaran.
    a. tumakas
    b. umalis
    c. lumikas

IV. Pagsunud-sunurin ang mga salita ayon sa antas ng kahulugan nito. Lagyan ng bilang.

| | | |
|---|---|---|
| 1. ______ nakita | 3. ______ kwentuhan | 5. ______ sagana |
| ______ nasilayan | ______ huntahan | ______ matiwasay |
| ______ natanaw | ______ usapan | ______ sapat |
| 2. ______ dalisay | 4. ______ malupit | 6. ______ nagtaka |
| ______ malinis | ______ masama | ______ nagulat |
| ______ wagas | ______ marahas | ______ namangha |
| 7. ______ lumikha | 8. ______ pasakit | 9. ______ nagbitiw |
| ______ gumawa | ______ pasanin | ______ umayaw |
| ______ imbento | ______ parusa | ______ bumaba |

10. _____ bumuti
_____ gumanda
_____ umayos

V. Piliin ang wastong salita/sagot sa kahon. Isulat sa isang hiwalay na papel ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| *informativ* | *narativ* | *argumentativ* |
| *deskriptiv* | *ekspositori* | |

1. ________________ ang teksto kung naglalarawan ito ng isang viswal na konsepto tungkol sa isang tao, bagay, pook, o pangyayari. Maaaring nagbibigay rin ito ng mas malalim na paglalarawan sa kabuuan ng bagay o ng isang pangyayari.

2. ________________ang teskto kapag nagbibigay ito ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang nagpapakita ng mga imformasyon tungkol sa mga tiyak na sitwasyon, tagpo, panahon, at mga tauhan.

3. ________________ ang teksto kung ang tungkulin nito ay makapagbigay ng anumang uri ng imformasyon o kaalaman. Nagpapakita o nagpapakilala ito ng kaalaman ng anumang katotohanang nauukol sa lahat nga aspeto ng buhay.

4. ________________ ang teksto kung nagtataglay ito ng mahahalaga at tiyak na imformasyon tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari.

5. Ang isang teksto ay _________________ kung ito ay naglalahad lamang ng isang mahalagang pagkukuro, paniniwala o pananaw. Hindi ito humihikayat sa mambabasa upang tanggapin ang mga patotoo ukol sa isang pananaw.

II. Isulat sa patlang kung ang mga sumusunod na teksto ay *deskriptiv*, *narativ*, *ekspositori*, *informativ*, o *argumentativ*.

_________________1. Ayon sa alamat, ang pangalan ng Gasan ay hango sa salitang *Gasang-gasang*, na ang ibig sabihin ay mga batong hibasan na nagkalat malapit sa bunganga ng ilog ng Matandang Gasan. Ang pangpang ng matandang ilog na ito ay pinaniniwalaan ng marami na umano'y naging tirahan ng mga naunang tao sa isla ng Marinduque, ang mga sinaunang Gaseño.

_________________2. Nanaig ang katauhan ni Kenkoy sa gitna ng makukulay na mga tauhan tulad niya Mang Teroy at Aling Matsang, mga magulang ni Knekoy; Rosing, ang mahinhing dalagang minamahal ni Kenkoy' Tirso, ang karibal ni Kenkoy; Talakitok, ang sinto-sinto; Nanong pandak, ang ulo ng yamang tauhan, at iba pa.

_________________3. Nang makatanggap si Lydia dela Torre, isang biyudang magsasaka sa Iloilo, ng text message na nagsabing nanalo siya ng P950,000 sa isang raffle, agad niyang ibinigay ang ilang "bayarin". Desidido rin siyang lumuwas sa Maynila para makuha ang premyo.

_________________4. Hindi Kiko o Kikoy kundi Kenkoy ang ibinigay ni Tony Velasquez, Ama ng Komiks sa katauhan ni Francisco Harabas, personifikasyon ng mga kanto boy na walang ginawa kundi maghintay ng belasyon o magbiro sa mga nagdadaan. Laging isputing at nangingintab ang buhok sa pomada, maporma, at di nawalalan ng abilidad sa buhay – ito si Kenkoy sa mga mambabasa noong dekada 1930.

_________________5. Magaling din ang pagkagawa nito. Upang lubos na maunawaan at tuloy-tuloy ang daloy ng mga pangyayari ay may narrator na nagpapaliwanag. Maliwanag at klaro ang boses ng narrator. Ang mga kanta at musika ay bumabagay din sa dokyu. Madalas na pinapakita ang mga taong magkaakbay at samasama sa piketline. Ngunit meron ding eksena kung saan kinakausap o iniintervyu ang mga indibidwal or maliit na grupo. Sa huli ay pinapakita ang tuloy-tuloy na pakikibaka ng mga manggagawa at manggagawang bukid ng hacienda ng mga Cojuango-Aquino kung saan ginanap ang Hacienda Luisita Masaker.

_________________6. Bukas at sa Linggo ay tutungo ang humigit-kumulang 60,500 mag-aaral sa mga testing center upang kumuha ng University of the Philippines College Admission Test (UPCAT). Ito at ang kanilang mga marka sa hayskul ang magiging batayan kung makapag-aaral sila o hindi sa isa sa anim na kampus ng UP.

_________________7. May 6,000 lisensyadong manggagamot ang naka-enrol sa mga nursing school, bilang paghahanda sa trabaho sa ibang bansa. Mahigit ito sa doble ng 2,000 doktor na nag-aral maging nars noong isang taon. Kumukuha na rin ng nursing ang mga accountant, engineer at maging mga abogado.

_________________8. Ang Barangay Estrella ay nasa bulubundukin at maburol na bahagi ng Bayan ng San Pedro, Laguna sa gawing kanluran. Humigit kumulang anim at kalahating kilometro ang layo mula sa kabayanan ng Bayan ng San Pedro. Ang karatig barangay ng Barangay Estrella sa gawing Silangan ay Bagong Silang at sa gawing kanluran ay Barangay Langgam sa timog ay ang Barangay Unite Better Living at sa gawing hilaga ay ang Sitio Baya-Bayanan na sakop ng Barangay San Vicente.

_________________9. Ang pamamahayag ang isa sa pinaka-mahalagang karapatan ng tao sa ilalim ng isang bansang ang pamahalaan ay sumusunod sa patakaran ng demokrasya. Ang karapatang ito ay nakatalaga sa Saligang Batas o Konstitusyon. Sa pamamagitan ng pamamahayag na naipa-aabot sa pagsasalita o panulat ay nagkakaroon ng kabatiran ang mamamayan sa mga ginagawa at 'di ginagawa, sa pagkukulang o pagmamalabis ng mga naglilingkod sa pamahalaan.

_________________10. Nagimbal ang buong mundo sa napabalita na paghagupit ng tsunami sa iba't ibang bahagi ng timog-Silangan Asya at Silangang Africa noong Disyembre 26. Tinatayang umaabot sa 150,000 ang nasawi mula sa Malaysia, Somalia, India, Sri Lanka, Myanmar, Bangladesh, Thailand, Maldives at Indonesia sanhi ng lindol na namataan sa bahagi ng Indian

Ocean, may lakas na 9.0 magnitude ito malapit sa Indonesia. Kaya hindi kataka-taka na mas maraming nasawi sa bansang ito.

Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto, huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong nakuha, dahil ang layunin ko lamang ay ang masukat ang iyong nalalaman.

Sana'y mas pagtuunan mo ng pansin ang mga bahaging nahirapan ka sa iyong gagawing pag-aaral sa modyul na ito.

Maaari ka nang magsimula.

## Sub Aralin 1:

## Ang Iba't Ibang Panandang Diskurso (Discourse Marker)

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, magagawa mo ang sumusunod:

1. Nakikilala at nagagamit nang wasto ang iba't ibang panandang diskurso
2. Napapahalagahan ang pagkilala sa mga panandang diskurso na ginamit ng awtor sa teksto upang ganap itong maunawaan
3. Nagagamit ang salita ayon tindi ng kahulugan nito

**Alamin**

Bawat tekstong itong binabasa ay nagtataglay ng mga ideya o kaisipan. Kadalasan ang mga ideya o kaisipang ito ay hindi tahasan o direktang sinasabi ng awtor. Hinahayaan niyang ang mismong bumabasa ang tumuklas ng mga ideya o kaisipang ito.

Bukod sa paggamit ng mga salitang angkop sa ideyang o kaisipang gusto niyang ipaunawa sa bumabasa, gumagamit siya ng mga panandang diskurso (discourse marker) sa pagbuo o pagsulat niya ng teksto.

Ano nga ba ang mga panandang diskursong ito? Paano ito makatutulong sa isang bumabasa upang ganap niyang maunawaan ang kabuuan ng teksto?

Maaari ka nang magsimula.

**Linangin**

Basahin ang mga sumusunod na talata sa ibaba.

A.

Nakasaad sa Mining Act ang iba pang mga insentibo o pang-akit ng gobyerno sa mga dayuhang kumpanyang minahan *gaya ng mga sumusunod*:

- maaaring ilabas ng kumpanya ang lahat ng kinita nito, puhunan at makinarya;
- binibigyang prayoridad ang mga kumpanya sa mga rekursong tubig sa loob ng kanilang konsesyon;
- maaaring hindi magbayad ng buwis ang kumpanya hanggang mabawi nito ang pinuhunan; at
- may garantiya ang gobyerno na hindi nito babawiin o sasakupin ang anumang operasyon ng kumpanya, bukod sa pagtatanggal nito ng ilang mga 'hadlang' gaya ng mga lupaing may taniman o sumasakop ng ibang pribadong lupain.

B.

*Dahil sa* malawakang protesta ng mamamayan, nahirapan ang gobyerno at ang mga kumpanyang minahan na ipagpatuloy ang kanilang mga operasyon. Naging hudyat naman ito ng pagbabago ng kanilang taktika tungo sa pagbebenta ng konseptong "responsible at sustenableng pagmimina". Nagbagong-anyo na raw ang industriya ng pagmimina sa bansa, at mas nangangalaga na raw ito ngayon sa kalikasan at sa mga komunidad.

C.

Nanatiling texting kapital ng mundo ang Pilipinas dahil sa dami ng bilang ng mga mensaheng ipinadadala sa pamamagitan ng short messaging system o SMS sa bansa kada araw, ayon sa Swedish telecom provider na Ericsson.

Ito dahilan ng ng nag-akyat ng malaking pera sa mga lokal na opereytor kahit na mas maliit ang average na kita mula sa bawat subscriber kung ihahambing sa ibang bansa.

*Ngunit sa kabilang banda*, maaari pa ring humina ang pinakamasiglang industriyang ito ng telekomunikasyon dahil sa problemang pang-ekonomiya at pulitikal ng bansa sa kasalukuyan.

D.

Magugunitang lumagda ang Pilipinas noong Hulyo 2000 sa ASEAN Declation on Cultural Heritage at *tulad ng* ng ibang bansang kaanib, nangako tayong pag-iibayuhin ang pagsugpo sa pagnanakaw at bawal na pangangalakal at paglilipat ng pag-aaring pagkultural.

E.

*Noong* 1969, nilikha ng dating Pangulong Ferdinand Marcos ang Presidential Commission to Survey Philippine Education (PCSPE). Ayon sa ulat na nito, kailangang magpokus ang edukasyon sa paghuhubog ng mga manggagawang may kasanayan sa *mobile assembly line* para tumugon sa "pambansang kaunlaran".

*Matapos nito*, nilagdaan ni Marcos noong 1972 ang Education Development Act na naglalayong magkaroon ng isang "edukasyong pangkaunlaran" sa susunod na sampung taon. Ang batas na ito ay pinondohan ng WB na mahigit sa P500 milyon sa inisyal na alokasyon.

Ngayong natapos mo nang basahin ang mga talata, balikan mo itong muli at bigyang-pansin ang mga salitang nakahilig.

Ano ang tawag natin sa mga salitang ito?

Tama ka, ang mga salitang nakahilig na ito ay tinatawag nating mga panandang diskurso (discourse markers).

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga pananalita/ekspresyon na karaniwang ginagamit sa paglalahad ng mga imformasyon o ideya batay sa istruktura ng teksto.

*gaya ng mga sumusunod*
*dahil sa*
*ngunit sa kabilang banda*
*tulad ng*
*noong…matapos nito…*

Ngunit ang mga ito hindi lang basta-basta ginagamit. May mga tiyak na layon ang isang awtor sa paggamit niya ng bawat panandang diskursong ito.

Halimbawa:

Alin sa mga nabanggit na panandang diskurso ang ginagamit sa *enumerasyon*?

Alin sa pagbibigay ng *order* o *pagkakasunud-sunod*?

Alin naman sa *komparison* at *kontras*?

At sa *sanhi at bunga*?

Subukin mo ngang sagutin ang mga tanong kong ito. Maaari mong isulat ang iyong sagot sa isang hiwalay na papel.

Narito ang wastong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| *gaya ng mga sumusunod* | - | enumerasyon |
| *dahil sa* | - | sanhi at bunga |
| *ngunit sa kabilang bansa* | - | komparison at kontras |
| *tulad ng* | - | komparison at kontras |
| *noong…matapos nito…* | - | order o pagkakasunud-sunod |

Sa pamamagitan ng paggamit ng awtor ng mga panandang diskurso higit na nauunawaan ng mambabasa ang mga ideya o kaisipan gusto niyang ipabatid. Halimbawa, sa paggamit ng *gaya ng mga sumusunod* sa unang talata, mahihinuhang layunin ng awtor na ibigay ang mga laman ng Mining Act upang mahikayat ang mga dayuhang mangangalakal na pumunta sa Pilipinas. Isa-isang naisaad ang laman ng isang mahalagang batas.

Sa ikalawang talata, sa pamamagitan ng paggamit ng *dahil sa*, naging malinaw sa mambabasa ang dahilan kung bakit nahihirapan ang pamahalaan at ang mga dayuhang kumpanya na simulan ang kanilang operasyon sa pagmimina. Ito ay dahil sa malawakang prostesta ng mga mamamayan. Nagpapatunay ito na ayaw ng mga mamamayan ang operasyon ng minahan dahil sa pinsala idinudulot nito.

Sa ikatlong talata, sa paggamit ng *ngunit sa kabilang banda*, naipakita na bagamat may paglago ang industriya ng telekomunikasyon, partikular sa paggamit ng cellphone, may pangamba pa

rin ang mga nasa likod nito. Naipabatid sa mambabasa ang iba pang posibilidad o ang kaligtaran ng nagaganap sa kasalukuyan.

Sa ikaapat na talata, sa paggamit ng *tulad ng*, naipabatid sa bumabasa na tulad ng ibang bansa sa Asya ang Pilipinas na naniniwalang mahalagang alagaan o protektahan ang mga pag-aaring pagkultural ng bansa.

At sa ikalimang talata, sa paggamit ng *noong…matapos nito…*, naipaalam sa mambabasa ang isang proseso o hakbang na isinagawa sa panahon ni panunungkulan ni Marcos upang maiayos ng sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas ayon sa kahilingan ng World Bank. Nalaman ng mambabasa na hindi biglaan at dumaan sa isang proseso ang ginawang pagbabago ni Marcos sa sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas.

Sa pamamagitan ng pagkilala sa mga panandang diskurso na ginamit sa teksto, nagkakaroon ka na rin ng kamalayan sa istruktura ng teksto o kung paano ito binuo ng awtor. Dahil dito, ganap mong maiintindihan ang mga ideya o kaisipang nakapaloob sa teksto na gustong ibahagi ng awtor.

Narito ang iba pang mga panandang diskurso. Isulat sa patlang ang <u>*E*</u> kung ginagamit ito sa *enumerasyon*, <u>*O*</u> kung sa *order o pagkakasunud-sunod*, <u>*KK*</u> kung *komparison at kontras*, at <u>*SB*</u> kung *sanhi at bunga*. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

_____1. Una…ikalawa…ikatlo…
_____2. Nagbubunga ng…
_____3. Ang mga halimbawa…
_____4. Gayundin ang ….
_____5. Nagdudulot ng ….
_____6. Kapareho ng …
_____7. Ilan sa mga ….
_____8. Kaiba sa ….
_____9. Ang epekto ay …
_____10. Sinisimulan ito sa…ang sumunod ay …

Narito ang wastong sagot. Iwasto mo ang iyong sariling papel.


1. *O*
2. *SB*
3. *E*
4. *KK*
5. *SB*
6. *KK*
7. *E*
8. *KK*
9. *SB*
10. O

Higit ba sa kalahati ang iyong nakuha? Kung higit sa kalahati, binabati kita. Ngunit kung hindi, huwag kang mag-alala, marami pang mga pagsasanay akong ibibigay sa iyo.

Bukod sa pagkilala sa panandang diskurso, isang susi rin sa matagumpay na pag-unawa sa teskto ay ang pagtukoy sa tindi ng kahulugan ng salitang ginamit ng awtor.

Halimbawa, balikan mo ang unang talata. Ginamit ng awtor ang salitang *maaari* sa halip na salitang *puwede* o *posible* dahil sa antas o tindi ng kahulugan ng salitang ito na wala o kaiba sa kahulugan ng mga salitang *puwede* at *posible*.

Pagsunud-sunurin nga natin ang mga salitang *maaari*, *puwede*, at *posible* ayon sa antas o tindi ng kahulugan nito.




Sa ikalawang talata, ginamit ng awtor ang salitang *protesta*.

Anu-anong salita ang kasingkahulugan ng salitang *protesta*?

Ang kasingkahulugan ng salitang *protesta* ay ang mga sumusunod:


*pag-aaklas*

*welga*

*rebolusyon*

Pagsunud-sunurin mo nga ang mga salita *protesta*, *pag-aaklas, welga*, at *rebolusyon* ayon sa antas o tindi ng kahulugan nito. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

Kung ang iyong sagot ang tulad nito, binabati kita. Ngunit kung hindi, ayos lang dahil may mga pagsasanay pa akong inihanda para sa iyo.




Sa ikatlong talata, ginamit ng awtor ang salitang *humina*.

Anu-anong salita ang naiisip mong kasingkahulugan ng salitang *humina*?

Ang mga salitang kasingkahulugan ng salitang *humina* ay ang mga sumusunod:

*matumal*


*mabagal*

*kumupad*

*nalugi*

Pagsunud-sunurin mo nga ang mga salitang *humina*, *matumal, mabagal*, *kumupad* at *nalugi* ayon sa antas o tindi ng kahulugan nito. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot. Isulat muli sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

Kung ang iyong sagot ay tulad nito, binabati kita.




Bawat salitang ginagamit ng awtor sa kanyang akda ay may dahilan. Hindi lang basta-basta siya gumagamit ng mga salitang gusto niyang gamitin. Ibinabatay niya ang mga salita sa kanyang layunin o sa gusto niyang maging epekto ng teksto sa bumabasa. Halimbawa, kung ang layunin niya ay magpatawa, mapapansin ang mga salitang kanyang ginagamit ay magagaan o madaling maintindihan. Pero kung ang layunin ng awtor ay mangaral o kaya'y magkilos ng mambabasa, seryoso at malalalim na salita ang kanyang ginagamit.

Ngayong alam mo na ang mga panandang diskurso at ang antas o tindi ng kahulugan ng isang salita, maaari mo nang puntahan ang mga susunod na gawain. Makatutulong ito sa iyo upang lalo mo pang malinang ang kasanayang iyong natamo sa sub-araling ito.

Isang masayang pagsasagot!

**Gamitin**

I. Punan nang wastong panandang diskurso ang mga pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon sa ibaba. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong mga sagot.

| | |
|---|---|
| *nagdudulot ng* | *dulot ng* |
| *Kung kaya* | *Una…ikalawa…ikatlo…* |
| *Kabilang sa mga* | *ang mga sumusunod* |
| *Maibibigay na halimbawa* | *Noong…pagkatapos…* |
| *gaya* | *kabaligtaran* |

1. Ang World Bank at Asian Development Bank ay ilan sa mga dayuhang institusyong nagpapautang sa mahihirap na bansa _______ ng Pilipinas.

2. Payo ni Wolfson sa mga tinedyer na pumapasok nang maaga sa klase ________________:
   - Ugaliing matulog at gumising sa parehong oras araw-araw. Bumawi ng pagtulog nang maaga
   - Pagkagising, bumangon at kumilos agad kung kaya mo. Magbukas ng maliwanag na ilaw para tulungang magising.
   - Hangga't maari, umiwas sa kape paglagpas ng tanghali.
   - Huwag manigarilyo. Stimulant kasi ito, baka hindi ka makatulog agad.
   - Magrelaks upang madaling makatulog.

3. ___________ sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sumapi si Ka Amado sa mga gerilya bilang intelligence officer. ____________ ng giyera, nagsimula ang kanyang pagkilos bilang lider-manggagawa.

4. Hindi na naituturo nang maayos ang mga asignaturang tulad ng Araling Panlipunan ay babawasan pa ang oras ng pagtuturo nito. _____________ hindi nakapagtataka na ang mga istudyante ay nagiging pasibo sa mga usapin sa eskwela at sa lipunan.

5. Nito lamang Marso, iniulat ng Department of Finance (DOF) na P1.421T ang utang panlabas ng Pilipinas. Isa itong pagtaas nang 16% mula nang isang taon. Ang ganitong pagtaas ng utang panlabas ay ______________ paghiram ng mga ahensya ng gobyerno sa labas ng bansa, mataas na *relending* ng mga korporasyong pag-aari at kontrolado ng gobyerno, at iba pa.

6. Makatarungang sahod at maayos na kondisyon sa paggawa ang inaasahan ni Glenda sa bagong pabrika na kanyang papasukan ngunit ___________ pala ng mga ito ang naghihintay sa kanya. Kakarampot ang kanyang sinasahod, dagdag pa ang mapanganib na lugar sa paggawa.

7. Hitik sa likas na yaman ang Mindanao. Sa agrikultura pa lang, nangunguna na ang Mindanao sa produksyon ng mga produkto. _____________ inaani ng Mindanao ay ang mais, saging, buko, pinya, goma, at iba pa.

8. Ang kaliitan ng badyet ng inilalaan sa sistema ng edukasyon ay ______________ mababang kalidad ng edukasyon sa mga mag-aaral na Pilipino.

9. Tradisyon na ng mga kalalakihang Pilipino ang pagsusuot ng barong Tagalog tuwing may mahahalagang okasyon. ___________________ ng mga okasyong ito ay kasalan, binyagan, santakrusan, at iba pa.

10. Ang isang Pilipino ay magiging kapaki-pakinabang sa lipunan kung siya ay: ____________ natatamo ang mga batayang pangangailangan; _______________, may sapat at de-kalidad na edukasyon; at ________________, pagkakaroon ng disenteng trabaho.

II. Ngayong napunan mo na ng mga panandang diskurso ang mga talata, tukuyin mo kung ito ba ay ENUMERASYON, ORDER o PAGKAKASUNUD-SUNOD, KOMPARISON AT KONTRAS, o SANHI O BUNGA.

III. Piliin ang wastong salita. Isulat ang titik ng sagot.

1. Mahalagang tungkulin ng pamahalaan ang _____________ ng mga serbisyong panlipunan sa kanyang mamamayan.
   a. magregalo c. magbigay
   b. magdoneyt d. magkaloob

2. Edukasyon ng pinakamahalagang serbisyong panlipunan dahil ito ang ________________ sa talino at kakayahan ng mamamayan.
   a. lumilinang c. lumilikha
   b. nagdedevelop d. nagpapayaman

3. Mahalaga ang trabaho upang ang pamilya ay mabuhay nang _______________.
   a. matiwasay c. maayos
   b. maluho d. mabuti

4. _____________ mamamayan ng Mandaluyong City ang nagreklamo ng sakit ng tiyan at pagtatae na ikinagulumihanan ng mga local na opisyal.
   a. Sandamukal c. Sangkaterbang
   b. Daan-daang d. Umaapaw

5. Makaraan ang 25 araw na ________________ sa Estados Unidos upang lumayo sa kaguluhang pulitikal sa bansa, dumating si First Gentleman Jose Miguel Arroyo sa Maynila 4:25 ng hapon.
   a. pagtatago c. pagbabakasyon
   b. pamamalagi d. pag-iwas

6. Ayon sa US National Institutes of Health, mas ______________ magmature ang mga bahagi ng utak ng lalaki na may kinalaman sa mechanical reasoning, visual targeting at spatial reasoning.
   a. mabilis c. madali
   b. matulin d. maaga

7. Patuloy na _______________ ng gobyerno ang pag-alis ng maraming manggagawa at propesyunal na Pilipino dahil sa _______________ ng mga remitans na nagmumula sa kanila.
   a. inaaya, laki c. pinaaalis, dagsa
   b. inaakit, dami d. hinihikayat, halaga

8. ______________ si Joseph Cardinal Ratzinger ng Alemanya bilang ika-265 Santo Papa ng Simbahang Katoliko Romano matapos ang dalawang araw na *conclave* ng 115 cardinal sa Vatican.
   a. Nahalal c. Napili
   b. Nabunot d. Nagustuhan

9. ______________ na nang walang pinsala noong Martes ang Pilipinong diplomat na si Angelito Nayan at dalawa pang UN worker, na dinukot sa Afghanistan, matapos ang halos isang buwang pagkakabihag.
   a. Pinalaya c. Pinakawalan
   b. Pinatakas d. Pinaalis

10. Sa ______________ ng ika-141 kaarawan ng rebolusyonaryong bayaning si Andres Bonifacio noong Nobyembre 30, pormal na ______________ ng Maynila ang "Kilusang Pilipinas Kong Mahal", isang kilusang magtutulak ng "respect for and pride in the Philippine flag."

   a. selebrasyon, ibinalita  c. paggunita, binuksan
   b. pagsasaya, ipinakilala  d. pagdiriwang, inilunsad

IV. Lagyan ng bilang ang mga salita ayon sa antas o tindi ng kahulugan ng mga ito.

1. ______ insentibo
   ______ benepisyo
   ______ kita
2. ______ kukunin
   ______ babawiin
   ______ kukumpiskahin
3. ______ magugunita
   ______ maaalala
   ______ maiisip
4. ______ kagalingan
   ______ kahusayan
   ______ kasanayan
5. ______ kita
   ______ sahod
   ______ suweldo
6. ______ nilikha
   ______ ginawa
   ______ itinatag
7. ______ tulad
   ______ gaya
   ______ pareho
8. ______ pag-ibayuhin
   ______ pagsikapan
   ______ pagtiyagaan
9. ______ maliit
   ______ katiting
   ______ kakarampot
10. ______ pagsugpo
   ______ pagpigil
   ______ pagharang

8. a
9. a
10. d

8. 1-3-2
9. 1-3-2
10. 3-2-1

Tapos ka na ba? Narito ang mga wastong sagot. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

I.

1. *gaya*
2. *ang mga sumusunod*
3. *Noong…pagkatapos…*
4. *Kung kaya*
5. *dulot ng*
6. *kabaligtaran*
7. *Kabilang sa mga*
8. *nagdudulot ng*
9. *Maibibigay na halimbawa*
10. *Una…Ikalawa…Ikatlo*

II.

1. KOMPARISON AT KONTRAS
2. ENUMERASYON
3. ORDER O PAGKAKASUNUD-SUNOD
4. SANHI AT BUNGA
5. SANHI AT BUNGA
6. KOMPARISON AT KONTRAS
7. ENUMERASYON
8. SANHI AT BUNGA
9. ENUMERASYON
10. ORDER O PAGKAKASUNUD-SUNOD

III.

1. d
2. a
3. c

IV.

1. 1-2-3
2. 1-3-2
3. 1-2-3

| | |
|---|---|
| 4. b | 4. 3-2-1 |
| 5. b | 5. 1-2-3 |
| 6. d | 6. 2-1-3 |
| 7. d | 7. 2-1-3 |

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, nakilala at nagamit mo na nang wasto ang iba't ibang panandang diskurso (discourse marker). Ito ay mga pananda na ginagamit ng awtor upang mabisa niyang maihatid ang nais niyang sabihin sa mga mambabasa. Kadalasang ibinabatay ng awtor sa kanyang layunin ang panandang diskurso na kanyang gagamitin.

Halimbawa, kung ang layunin ng awtor ay patunayan o papaniwalain ang mambabasa sa isang kaisipan o pangyayari, kadalasan ay bumabanggit ang awtor ng maraming katibayan o ebidensya na magbibigay-linaw sa kanyang sinasabi. Sa ganitong pagkakataon, ang mga panandang diskurso sa *enumerasyon* ang kanyang ginagamit. Ilan sa madalas na gamiting mga panandang diskurso sa enumerasyon ay ang mga sumusunod: *ang mga sumusunod*, *kabilang dito/sa mga*, *ilan sa mga*, *ang mga halimbawa*, at iba pa.

Kung ang layunin ng awtor ay makapagturo o maibahagi sa mambabasa ang isang proseso, gumagamit siya ng mga panandang dikurso para sa *order* o *pagkakasunud-sunod*. Ilan sa mga panandang diskurso na ginagamit sa order o pagkakasunud-sunod ay ang mga sumusunod: *ang mga hakbang/paraan ay*, *ganito ang dapat gawin*, *sinisimulan ito sa…ang susunod ay*, at iba pa.

Kung ang layunin ng awtor ay maipakita o maibahagi sa mambabasa ang pagkakatulad o pagkakaiba ng mga isyu, upang matimbang-timbang ang kawastuhan ng mga ito, gumagamit siya ng mga panandang diskurso para sa *komparison at kontras*. Ilan sa mga malimit na gamiting panandang diskurso sa komparison at kontras ay ang mga sumusunod: *gaya/katulad/kapareho ng*, *magkatulad magkapareho ang*, *ganundin/gayundin*, *salungat/kontra sa*, *kaiba*, at iba pa.

At kung ang layunin naman ng awtor ay ang maipakita ang mga dahilan at kaya ay resulta ng isang aksyon, paniniwala, o pangyayari, gumagamit naman siya ng mga panandang diskurso para sa *sanhi at bunga*. Ilan sa mga panandang diskurso na ginagamit sa sanhi at bunga ay ang mga sumusunod: *dahil sa/ang dahilan ay*, *sanhi, kaya, bunga nito*, at iba pa.

Ang pagkilala sa mga panandang diskursong nabanggit ay makatutulong sa lubos na pag-unawa sa kabuuan ng teksto.

Bukod dito, natutunan mo rin ang ukol sa antas o tindi ng kahulugan ng mga salita. Tulad ng mga panandang diskurso, ang bawat salitang ginagamit ng awtor ay ibinabatay niya sa kanyang layunin. Mahalagang malaman ang antas o tindi ng kahulugan ng mga salita bago ito gamitin sa pangungusap. Gayundin sa pakikipag-usap natin sa ibang tao.

**Subukin**

I. Punan ng mga panandang diskurso ang mga talata.

1. Isang kasunduan ang nilagdaan na magbibigay ng dagdag na karapatn at benepisyo sa mga *Overseas Filipino Worker* (OFW) sa Timog Korea. Ang Kasunduan ay nilagdaan ng mga kinatawan ng Pilipinas at Timog Korea. Sa ilalim ng kasunduan, ang mga OFW sa Timog Korea ay magkakaroon ng karagdagang benepisyo ____________ (*ang mga halimbawa*, *kabilang dito*, *ang epekto*, *tulad ng*) ang *industrial accident insurance*, *medical insurance*, at *employment insurance*.

2. Magkakaroon ang Kalakhang Maynila ng krisis sa basura sa susunod na dalawang taon. Ito ang naging babala ng Metro Manila Development Authority (MMDA). At upang maiwasan ito, ____________ (*una*, *noon*, *sinimulan*, *bago*) nang maghanap ang MMDA ng iba pang tapunan ng basura sakaling mapuno na ang mga kasalukuyang tapunan ng basura. ______________ (*Ikalawa*, *Pagkatapos*, *Ang sumunod*, *Nang lumaon*) ay ang paghihikayat sa mga mamamayan na iwasan ang pagtatapon ng basura sa mga ilog at pampublikong lugar.

3. Sa pangunguna ng mga kilalang manunulat ng dula, ginamit nila ang teatro upang ipakita kung bakit ang Pilipinas ay dapat na lumaban para sa kalayaan. ______________ (*Kabilang dito*, *Ang mga patunay*, *Ang mga halimbawa*, *Ilan sa mga*) manunulat ay sina Juan Abad, Juan Matapang Cruz, Tomas Remigio, at Aurelio Tolentino.

4. Inakala ng mga Amerikano na madali nilang masasakop ang Pilipinas. Ito ay dahil sa kanilang mas malalakas na sandata at karanasan sa digmaan. _______________ (*Dahil sa*, *Kaya*, *Sanhi*, *Bunga*) naman kaagad na idineklara ng Amerika na tapos na ang digmaan. Nagbago ang paniniwalang ito nang simulan nilang ittag ang pamahalaang Amerikano sa Pilipinas.

5. Binitay sina Macario Sakay at Lucio de Vega sa kulungan ng Bilibid sa Lungsod ng Maynila. Nahatulan ang dalawa ng kamatayan sa salang sedisyon at pagiging bandido. ______________ (*Sa kabilang banda*, *Samantala*, *Sa kabila nito*, *Sa kabilang banda*), iginiit nina Sakay at de Vega na sila ay mga rebolusyonaryong lumaban para sa kalayaan ng Pilipinas.

6. Ayon sa mga arkeologo, ang mga buto ng mga hayop tulad ng balyena at dolphin na natagpuan sa ilalim ng dagat ay patunay na ang mga balyena ay naging pagkain din ng mga sinaunang tao sa lugar na iyon. _______________, (*Ganundin/Gayundin*, *Magkatulad*, *Katulad*, *Magkaparehong*) naniniwala ang mga arkeologo na malaki ang bahagi ng panghuhuli ng mga balyena sa pagbuo ng pamayanan ng mga sinaunang tao.

7. May siyam sa 10 Pilipino ang may sira ang ngipin. Ito ang sinabi ng Philippine Dental Association (PDA). _____________, (*Dahil dito*, *Ang epekto*, *Kaya*, *Bunga nito*) nagbabala ang PDA na ang mga mikrobyong mula sa mga dumi sa ngipin ay maaaring mapunta sa puso. Ito ang maaaring maging ______________ (*sanhi*, *dulot*, *resulta ng*, *kagagawan ng*) *rheumatic fever* at iba pang sakit.

8. ______________ (*Nagsimula*, *Sinimulan*, *Una*, *Bago)* ang sayawan sa mga lansangan tuwing Pistang Lansones sa Camiguin bilang isang katuwaan lang. Subalit naging maganda maganda ang pagtanggap ng mga tao rito. _________________, (*Nang sumunod na taon*, *Pagkaraan*, *Pagkatapos*, *Kalaunan*) ginawa na itong isang paligsahan. _______________, (*Ang epekto*, *Kaya*, *Dahil dito*, *Sa gayun*) naging mas malikhain ang mga nagtatanghal taun-taon.

9. Tanyag ang Lungsod ng Marikina sa paggawa ng matitibay na sapatos. _____________ (*Ang epekto*, *Kaya*, *Dulot nito*, *Resulta nito*) hindi nakapagtatala na sa lungsod na ito matatagpuan ang isang museo ng mga sapatos. Ito ang Marikina Shoe Museum.

10. Bukod sa taunang pagdiriwang ng Pista ng Masskara, marami pang pang-akit ang lungsod ng Bacolod para sa mga turista. ________________ (*Ang mga halimbawa*, *Ilan sa mga*, *Kabilang dito*, *Kabilang sa mga*) ang mga lumang simbahan, ang mga parke, ang mga museo, at iba pang pook libangan.

II. Tukuyin kung ang mga talata sa unang gawain ay Enumerasyon, Order/Pagsusunud, Komparison at Kontras, at Sanhi at Bunga.

III. Lagyan ng bilang ang mga salita ayon sa tindi o antas ng kahulugan nito.

1. ______ magkatulad
______ magkapareho
______ magkahawig
______ magkamukha

2. ______ alamin
______ pag-isipan
______ pag-aralan
______ suriin

3. ______ galit
______ inis
______ poot
______ suklam
______ imbiyerna

4. ______ matapang
______ matatag
______ matibay

5. ______ nakita
______ naaninag
______ nasilip
______ natanaw
______ napansin

Ngayon, iwasto mo ang iyong sariling papel. Tingnan mo nga kung katulad ng mga ito ang sagot mo…

| I | II | III. |
|---|---|---|
| 1. *kabilang dito* | 1. Enumerasyon | 1. 3-4-1-2 |
| 2. *sinimulan*, *Pagkatapos* | 2. Order/Pagsusunud | 2. 1-3-2-4 |
| 3. *Ilan sa mga* | 3. Enumerasyon | 3. 3-2-4-5-1 |
| 4. *Kaya* | 4. Sanhi at Bunga | 4. 1-3-2 |
| 5. *Sa kabila nito* | 5. Komparison at Kontras | 5. 5-2-1-4-3 |
| 6. *Ganundin/Gayundin* | 6. Komparison at Kontras | |
| 7. *Dahil dito*, *sanhi* | 7. Sanhi at Bunga | |
| 8. *Nagsimula*<br>*Nang sumunod na taon*/*Pagkaraan*<br>*Kaya*, *Dahil dito* | 8. Order/Pagsusunud/Sanhi at Bunga<br>9. Sanhi at Bunga<br>10. Enumerasyon | |
| 9. *Kaya* | | |
| 10. *Kabilang dito* | | |

Muli, kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay higit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang gawain sa PAUNLARIN. Ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, balikan mo ang ilan sa mga nakalipas na gawain sa sub-aralin na ito. Salamat!

**Paunlarin**

I. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa mga graphic organizer sa ibaba.

1. Ang pagsulong ng mamamayan ng isang alternatibong polisiya ng pagmimina ay nakapaloob sa tinatawag na ‘Polisiya ng Mamamayan sa Pagmimina’ na binuo ng mga grupong pangkalikasan at mamamayan. Ang mga polisiyang ito ay *ang mga sumusunod*:

   - Mahalaga ang isang maunlad na sector ng pagmimina sa pagtatayo ng matatag at nagsasariling ekonomiya

   - Ang pagpapaunlad ng pagmimina ay nasa konteksto ng pambansang industrialisasyon

   - Ang pagpapaunlad ng pagmimina ay nakabatay sa kalagayan ng rekurso at pangangailangan ng mamamayan

   - Pag-ibayuhin ang pananaliksik at pagpapaunlad ng sector ng pagmimina

Tanong:

Anu-ano ang laman ng ‘Polisiya ng Mamamayan sa Pagmimina?




2.

PAGGAWA NG ATSARANG PAPAYA
NA MAY ITLOG NG PUGO

*Una*, Pigain ang papaya upang maalis ang pait nito. Hugasang mabuti at patuluin.

*Ikalawa*, pagsamahin ng tubig,a sukal at suka; pakuluin ng limang minuto.

*Ikatlo*, Pagsama-samahin sa isang malaking mangkok ang kinayod na papaya, siling pula, mga piraso ng kerots, pasas, luya at itlog.


*Ikaapat*, Ibuhos dito ang pinalamig na sukang may asukal. Haluing mabuti at palamigin.

*Ikalima*, ilagay sa garapon. Takpang mabuti.

*Ikaanim*, iimbak sa isang lugar na hindi naiinitan at hayaan munang lumipas ang ilang araw bago ihain o ipang-regalo.

Tanong:

Paano gumawa ng atsarang papaya na may itlog ng pugo?




3. *Parehong* nagdiriwang ng Pista ang ang Camiguin at Bacolod. Sa lalawigan ng Camiguin, ipinagdiriwang nito ang Pistang Lansones tuwing sasapit ang ikatlong linggo ng Oktubre. Kilala ang Camiguin sa pinagmumulan ng pinakamasarap na lansones sa Pilipinas. *Gayundin* ang Bacolod na nagdiriwang ng Pistang Masskara tuwing Oktubre 19, kasabay ng pagdiriwang ng pagkakatatag ng lungsod. Kung sa lansones nakikilala ang Camiguin, ang Bacolod naman ay sa tubo.

Tanong:

Anu-ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng Camiguin at Bacolod?

CAMIGUIN BACOLOD




4. *Dahil sa* minimum wage na P280 kada araw ng isang manggagawa sa Metro Manila, *kung kaya* hindi natutugunan ng isang pamilya ang kanyang mga batayang pangangailangan. Hindi ito sapat upang matamo niya ang isang disenteng pamumuhay.

Tanong:

Ano ang ibinunga ng mababang pasahod sa manggagawa sa Metro Manila?

SANHI BUNGA



II. Tukuyin kung ang mga talata sa unang gawain ay Enumerasyon, Order o Pagkakasunud-sunod, Komparison at Kontras, o Sanhi at Bunga.

III. Punan nang wastong salita ang patlang unang mabuo ang talata.

**PAALAM ARROCEROS FOREST PARK**

Sinimulan nang (1) ____________ (kalbuhin, pagpuputulin, pagbubunutin, patumbahin) kahapon ang mga puso sa kontrobersyal na Arroceros park sa Maynila, na labis na (2) _____________ (ikinatakot, ikinalungkot, ikinainis, ikinadismaya) ng mga tagapagtanggol ng kalikasan.

Pininiwalaang inutusan ng City Hall, naunang pinigilan ng mga manggagawa ang mga pumapasok na *environmentalist*. Anila, may (3) ______________ (batas, utos, pakiusap, pakisuyo) mula sa mga "nakatataas" na (4) _____________ (paalisin, itaboy, harangin, pigilin) ang mga bisita sa lugar habang sinasagawa ang pagtatayo ng dalawang-palapag ng teachers' building.

Nang (5) _____________ (mapuna, maaninag, masilayan, makita) ang mga *environmentalist* at midya, isang manggagawa ang sinenyasan ng kapwa niya na itigil ang pagputol sa mga puno. Dalawang puno na ang naitumba nang dumating ang Inquirer. Nang (6) _____________(siyasatin, imbestigahan, tanungin, interbyuhin) kung bakit itinigil nila ang pagputol gayong sinabi nilang may pahintulot sila ng *Department of Environment and Natural Resources*, sinabi ng mga manggagawang nagpapahinga lang sila. Sinabi ng *Winner Foundation*, tagapangalaga ng parke, na (7) ______________ (nailigtas, nailikas, nasagip, natulungan) nila ang sandaang-taong gulang na puno ng narra. (8)________________ (Pinilit, Sinikap, Pinuwersa, Nagtiyaga) na hingan ng Inquirer ng pahayag ang *foreman* ng mga manggagawa, ngunit agad itong umalis. Hindi (9) _______________ (nakarating, nakadalo, nakapunta, nakisalamuha) nang maaga ang mga kinatawan ng National Museum upang pamunuan ang (10) ________________ (pagbunot, pagbuwal, pagputol, pagkalbo) sa kabila ng kasunduan na isang *monitoring team* mula sa museo ang mamuno rito. Nauwang naihayag na *archeology site*, ilang *artifact* na ang natagpuan sa parke.

Tapos ka na ba?

Kung tapos ka na, ipinakita mo sa iyong guro ang mga *graphic organizers* na iyong sinagutan.

Narito naman ang mga wastong sagot sa ikalawa at ikatlong gawain:

II.

1. Enumerasyon
2. Order o Pagkakasunud-sunod
3. Komparison at Kontras
4. Sanhi at Bunga

III.

1. pagpuputulin
2. ikinadismaya
3. utos
4. paalisin
5. makita
6. tanungin
7. nasagip
8. Sinikap
9. nakapunta
10. pagputol

Kung ang iyong nakuhang tamang sagot ay higit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang susunod na gawain. Ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, hinihiling kong balikan mo ang katatapos na aralin. Marahil ay hindi mo pa lubusang naiintindihan ang aralin. Para rin ito sa iyo.

Dito nagtatapos ang ating aralin. Nawa'y marami kang natutunan sa sub-aralin na ito.

Kita-kita tayo sa susunod na aralin.

Salamat!

## Sub Aralin 2

### Pagtukoy Kung ang Teksto ay Deskriptiv, Narativ, Ekspositori, Informativ, o Argumentativ

Pagkatapos ng sub-aralin na ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Natutukoy kung ang teksto ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ

2. Nakikilala at nagagamit ang mga pananda sa hambingan at kontras

3. Nakasusulat ng alinmang sa uri ng tekstong tinalakay

**Alamin**

Bahagi ng pag-aaral ang pagbabasa. Sa pagbabasa, lumalawak ang iyong kaalaman sa maraming bagay.

Maraming uri ng teksto ang maaari mong mabasa sa panahon ng iyong pag-aaral. May tekstong nasa uring deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o kaya ay argumentativ. Makatutulong sa iyo nang malaki upang maunawaan mo ang kabuuan ng teksto, kung alam mo rin ang uri nito.

Sa sub-aralin na ito, tutulungan kitang matukoy kung ang teksto ba ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ. Ang isang teskto ay isinulat ng awtor ayon sa kanyang layunin o nais na maging efekto nito sa bumabasa.

Isang masayang pagbabasa sa iyo, Kaibigan!

**Linangin**

Basahin ang mga sumusunod na talata sa ibaba:

A.

Sa mga panahong walang piktyur na maidideliver, papanalbos ang aking isinisingit upang pagkakitaan. Pambaon sa araw-araw, pamasahe, at pambili ng ilang kailangan sa iskul. Masuwerte kung tag-ulan dahil mabilis tumubo ang usbong ng sampalok, at iba pang puwedeng talbusan. Kahit mahirap akyatin ang puno ng sampalok dahil naglulumot ito kung tag-ulan, nangunguha pa rin ako ng usbong. Nagpapakadulo sa makukunat na sanga kahit pa may mga higad o malalaking hantik na mabubulabog. Minsan nga'y isang malaking ahas na nakapulupot sa isang sanga ang aking nakita. Nagmadali akong bumaba noon at naghanap ng ibang puno.

Napakatagal bago makaisang kilo ng usbong. Pano'y napakagaan lang naman ng usbong at may pagkamaselan pa. Kung di tama ang pagkakapitas, mangingitim ang usbong at di na bibilin ng mamamakyaw sa palengke. Kaya natutunan kong pitasin ito nang pakurot at di pahagod. Pagkapitas, ibuyangyang ko ang mga napitas na usbong sa bilao o kaya'y basket, dahil kung plastik, malalanta ito at mangingitim. Ayokong maitiman muli ng usbong, pano'y nadala na ko noong halos apat na kilong usbong na nakuha sa maghapon ay nangitim at parang nasunog lahat. Walang mamamakyaw ang bumili. Nauwi sa bula ang buong maghapon ko. Simula noon, pinag-aralan ko ang sining ng pagpitas ng usbong. Nagtanong din ako sa mga eksperto o sanay na sa pagpitas nito. Tanda ko'y mga *twenty five pesos* ang isang kilong usbong noon. Mas mahal kumpara sa ibang talbos na aking nakukuha tulad ng talbos ng kamote, kangkong, sili, o malunggay.

Matapos ang usbong, ilan buwan pa'y bulaklak naman ng sampalok ang aking pipitasin. Kasunod nito, bunga naman. Sa mga panahong iyon, kaya kong makapitas nang higit sa tatlong-tiklis ng bunga ng sampalok sa isang araw. Tumitigil lang ako kung wala ng bungang mapipitas. Walang punong nakakaligtas sa akin.

Sanay na sanay akong aakyat ng puno. Alam na alam ko kung anong puno ang maaaring puntahan ang dulo at alin naman ang hindi. Kung alin ang punong makunat o malutong ang mga sanga. Kahit pa ako'y magpakataas- taas, hinding-hindi ako nalulula. Pero kahit sanay na sanay akong umakyat ng puno, naranasan ko na ring mahulog, di mula sa puno ng sampalok kundi sa puno ng kaymito. Pano'y pinilit kong maabot ang isang hinog na hinog na bunga. Pero pagkatapos kong mahulog, pagkatanggal ng sakit, lalo akong naging matapang sa pag-akyat ng puno.

*(Pinagkunan: Talbos, Genaro R. Gojo Cruz)*

B.

Ngayong sumapit sa kalahating siglo at isang taon ang paglagi ko sa mundo, biglang dumating sa akin ang paabiso ng Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas na makakasama ako sa programa nila.

Naisip ko tuloy na may distansya ang aking akala na ako ay makita, at ang distansya ay mula sa kanto sa baryo hanggang sa Aurora Boulevard sa Kalakhang Maynila.

Ngunit higit pa pala rito ang masisipat sa akin ng UMPIL. Mula sa pagiging Pambaryong Tagasagap ng Balagtasan, ako'y makakabilang sa mga Pambansang Alagad ni Balagtas. (*Lamberto E. Antonio*)

C.

**PILIPINAS NO. 92 SA LISTAHAN NG KATIWALIAN**

Ayon sa *Transparency International*, pasok na naman ang Pilipinas sa mga bansang tiwali, ngunit hindi naman ito pinakakulelat sa mga nasyon na pinakamalala ang katiwalian sa buong mundo.

Sa ikatlong pagkakataon, nangunguna pa rin ang Bangladesh sa mga pinakatiwali na nasyon, na may iskor na 1.3 sa 133 bansang sinaliksik ng organisasyon.

Ang ang bansang Finland, Iceland, at Denmark ay nanguna rin sa survey.

Pang-92 ang Pilipinas, karanggo ang Pakistan, Gambia, Albania, at tatlong iba pang bansa, na may iskor na 2.5

D.

**ANG LALAWIGAN NG ILOILO**

Ang Lalawigan ng Iloilo ay matatagpuan sa timog-silangang bahagi ng Islang Panay. Ito ay kabilang sa rehiyon ng Kanlurang Kabisayaan. Napaliligiran ito ng mga lalawigan ng Capiz sa hilaga, ng Antique sa kanluran, ng Dagat Kabisayaan at Kipot Guimaras sa silangan, at Golpo ng Panay at Kipot ng Iloilo sa timog.

Pinaniniwalaang binili ng 10 datu mula sa Borneo ang isla ng Panay sa pinuno ng mga Negrito na si Marikudo noong 1212. Isang gintong salakot at gintong kwintas ang ipinambayad ng mga datu.

Napunta kay Datu Paiburong ang teritoryo ng Irong-irong. Nang dumating ang mga Espanyol, nagtayo sila ng pamayanan sa Ogtong (Oton ngayon). Itinatag ng mga mananakop na Espanyol ang Fuerza San Pedro sa Irong-Irong. Ang mga Espanyol rin ang nagbigay ng pangalang Iloilo sa lungsod. Ito na rin ang ipinangalan sa buong lalawigan. Itinatag noong Marso 10, 1917 ang Lalawigan ng Iloilo.

Ang Iloilo ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng bigas sa Pilipinas. Bukod sa bigas, ang ilan pa sa mga pangunahing produkto na nagmumula rito ay tubo, niyog, mais, saging, mangga, kape, at iba pang lamang-ugat na halaman.

Ang pangisngisda ay isa ring mahalagang pinagkakakitaan ng mga taga-Iloilo. Ang mga bangus at hipon ay pinagmumulan ng malaking kitang dolyar ng lalawihan.

Kilala naman ang abayan ng La Paz dahil sa masarap na batsoy.

E.

> Ang digmaan sa Iraq at ang gulo sa Mindanao ay iisa ang kaaway—terorismo. Kailangang alisan ang Iraq ng mga armas sa malawakang pamumuksa dahil ang mga ito ay maaaring ipuslit dito sa atin at gamitin ng mga terorista sa pag-atake sa mga kawawang sibilyan. Dito natin makikita ang kaugnay ng giyera sa Iraq at ang aktibong depensa ng mga komunidad laban sa mga naghahasik ng lagim sa Mindanao.
>
> Ang bagong banta ng siglo bente-uno— ang terorismo— ay kailangan ng puspusang kilos ng buong pamahalaan hanggang sa hanay ng barangay para bantayan ang mga nakahihinalang tao, pagkilos, at kagamitan.
>
> Bukod sa pagmatyag laban sa terorismo kailangan ding magbantay ang mga mamamayan laban sa mga nais magsamantala sa krisis tulad ng pagtago ng suplay ng pagkain o paniningil ng sobra. Bagamat may monitoring teams tayo na nag-iikot sa mga palengke para matyagan ang presyo ng mga bilihin, mahalaga ring i-report ninyo ang sinumang tindera o negosyante na nagtataas ng presyong hindi dapat.
>
> (*Kinuha mula sa isang talumpati ni Pangulong Gloria Macapagal – Arroyo*)

Ngayon, isa-isa nating tatalakayin ang uri ng mga tekstong ito. Unahin natin ang unang teksto (A). Basahin mo itong muli. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Ano ang inilalarawan sa teksto?
Paano inilarawan ang usbong ng sampalok sa teksto?
Sanay bang umakyat ng puno ang nagsasalita sa teksto? Paano siya kung umakyat ng puno?

Nasagot mo ba ang aking mga tanong. Narito ang mga sagot:

Ang inilarawan sa teksto ay ang usbong ng sampalok.

Matagal bago makaisang kilo ng usbong dahil sa magaan lang ito. May pagkamaselan pa at kung di wasto ang pagkakapitas, ito ay mangingitim at maaaring di na bilhin ng mga nagtitinda sa palengke. Kaya pakurot at di pahagod ang dapat na pagpitas dito. Pagkatapos, ilagay ang usbong sa bilao o sa basket,

Sanay umakyat ng puno ang nagsasalaysay sa teskto. Alam na alam niya kung anong puno ang puwedeng akyatin hanggang ang dulo at alin naman ang hindi. Alam niya kung anong ang puno ang makunat o malutong ang mga sanga. Kahit magpakataas-taas siya, hindi siya nalulula.

Ano ang iyong napansin sa iyong mga isinagot? Hindi ba't ikaw ay naglalarawan ng isang bagay (usbong ng sampalok)? At ng pag-akyat sa puno?

Ang ganitong uri ng teksto ay tinatawag nating tekstong *deskriptiv*.

Ano ba ang tekstong *deskriptiv*?

*Deskriptiv* ang teksto kung naglalarawan ito ng isang viswal na konsepto tungkol sa isang tao, bagay, pook, o pangyayari. Maaaring nagbibigay rin ito ng mas malalim na paglalarawan sa kabuuan ng bagay o ng isang pangyayari.

Kung kaya anumang iyong nakikita, nadarama, nasasalat, napakikinggan, at nalalasahan kapag iyong isinulat ay matatawag na isang tekstong *descriptiv*.

Malinaw na ba sa iyong ang tekstong *descriptiv*?

Balikan natin ang ikalawang teksto (B). Pagkatapos mong mabasa ang ikalawang teksto, sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

Ano ang biglang dumating sa buhay ng nagsasalaysay sa teksto?
Tungkol saan ang kanyang isinalaysay?

Nasagot mo ba ang aking mga tanong? Narito ang mga saggot.

Isinalaysay ng nagsasalita sa teksto ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kanyang buhay. Sa edad na kanyang talgay (kalahating siglo at isang taon), dumating sa kanya ang isang imbitasyon mula sa Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas (UMPIL). Ang una niyang inisip o alinlangan ay ang layo ng imbitasyon, mula sa baryo hanggang sa Aurora Boulevard sa Maynila. Ngunit ang lahat ng alinlangang ito ay napalitan dahil isa pa lang pagkilala sa kanya ang naghihintay sa kanya, bilang isang Pambansang Alagad ni Balagtas.

Ano ang iyong napansin?

Hindi ba't tila maihahalintulad sa isang pagkukuwento o pagsasalaysay ang tekstong iyong binasa? Maypakakasunud-sunod, hindi ba?

Ang tesktong ito ay tinatawag na tekstong narativ.

Ano ba ang tekstong narativ?

*Narativ* ang teskto kapag nagbibigay ito ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang nagpapakita ng mga imformasyon tungkol sa mga tiyak na sitwasyon, tagpo, panahon, at mga tauhan.

Sa iyong tekstong binasa, naglahad ng isang pangyayari o karanasan sa kanyang buhay ang may-akda.

Maaari ring tumalakay sa kaisipang pinaninindigan ng may-akda ang isang tekstong narativ. Ilan sa mga halimbawa ng tekstong narativ ay ang talaarawan, mga artikulo tungkol sa paglalakbay, mga tudling sa mga dyaryo, at iba pa.

Nauunawaan mo na ba ang mga katangian ng tekstong narativ?

Ngayon, basahin mo naman uli ang ikatlong teksto (C). Pagkatapos mo itong mabasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Anong bagong imformasyon ang iyong nalaman matapos mong mabasa ang teksto?
Saan galing ang imformasyong ito? Masasabi mo bang ito ay makatotohanan? Bakit?

Nasagot mo ba ang aking mga tanong? Narito ang mga sagot.

Ang bagong imformasyon na ibinunyag ng teksto ay ang pagiging no. 92 ng Pilipinas sa listahan ng mga katiwalaan.

Masasabing makatotohanan ang imformasyong ito ng teksto dahil bunga ito ng survey na isinagawa ng *Transparency International*. Bukod dito, nakadagdag sa pagkamakatotohanan ng teksto ang pagbanggit ng iba pang bansa na napabilang sa tiwaling bansa tulad ng Bangladesh at iba pa.

Ano ba ang tawag sa isang tekstong nagbubunyag ng mga usapin o isyu na hindi pa nalalaman ng nakararami?

Tama ka. Ito ay tinatawag nating tekstong *ekspositori*.

Ano ba ang tekstong ekspositori?

*Ekspositori* ang teksto kung ang tungkulin nito ay makapagbigay ng anumang uri ng imformasyon o kaalaman. Nagpapakita o nagpapakilala ito ng kaalaman ng anumang katotohanang nauukol sa lahat nga aspeto ng buhay.

Kadalasan, ang mga imformasyon sa tekstong *ekspositori* ay resulta ng mga pag-aaral o pananaliksik, pakikipanayam, paglalakbay sa ibang lugar, at iba pa.

May mga tekstong ekspositori ring nasusulat tungkol sa mga pulitiko, artista, at iba pang kilalang tao na nagbubunyag ng kanilang mga itinatagong kagalingan o kaya ay katiwalian na lingid sa kaalaman ng maraming tao.

Malinaw na ba iyo ang tekstong ekspositori?

Ngayon, basahin mo ang ikaapat na teksto (D). Pagkatapos mo itong mabasa, sagutin ang mga sumusunod na tanong na aking mga inihanda para sa iyo:

Anu-anong imformasyon ang laman ng tekstong iyong binasa?

Saan matatagpuan ang Lalawigan ng Iloilo?
Anu-ano ang mga paniniwala ukol sa Lalawigan ng Iloilo?
Ano ang ipinambayad ng mga datun
Kailan itinatag ang Lalawigan ng Iloilo?
Ibigay ang mga produktong nagmumula sa Iloilo.
Ano ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga taga-Iloilo?

Nasagot mo ba ang aking mga tanong? Narito ang mga sagot.

Maraming imformasyon ang laman ng teksto ukol sa Lalawigan ng Iloilo.  Ang mga imformasyong ito ay ang mga sumusunod:

- Matatagpuan ang Lalawigan ng Iloilo sa timog-silangang bahagi ng Islang Panay.
- Pinaniniwalaang binili ng 10 datu mula sa Borneo ang isla ng Panay sa pinuno ng mga Negrito na si Marikudo noong 1212.
- Isang gintong salakot at gintong kwintas ang ipinambayad ng mga datu.
- Itinatag noong Marso 10, 1917 ang Lalawigan ng Iloilo.
- Ang Iloilo ay isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng bigas sa Pilipinas.  Bukod sa bigas, ang ilan pa sa mga pangunahing produkto na nagmumula rito ay tubo, niyog, mais, saging, mangga, kape, at iba pang lamang-ugat na halaman.
- Pangisngisda ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga taga-Iloilo.  Ang mga bangus at hipon ay pinagmumulan ng malaking kitang dolyar ng lalawihan.

Ang mga binanggit ko sa tinatawag nating mga imformasyon.

Ngayon, masasabi mo ba kung anong uri ng teksto ang naglalaman ng maraming imformasyon?

Tama ka, ito ay tinatawag nating tekstong *Informativ*.

Ano ba ang tekstong informativ?

*Informativ* ang teksto kung nagtataglay ito ng mahahalaga at tiyak na imformasyon tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari.  Kalimitan itong tumutugon sa mga tanong na Ano, Sino, at Paano.  Taglay ng tekstong ito ang mayamang kaalaman na maaaring matamo ng bumabasa.

Malinaw na ba sa iyong ang mga katangian ng isang tekstong informativ?

Ngayon, basahin mo naman ang huling teksto (E).   Pagkatapos, sagutin mo ang mga sumusunod na tanong:

Ano ang paniniwala o pananaw ni Pangulong Gloria Macapagal – Arroyo ukol sa digmaan sa Iraq at ang gulo sa Mindanao?

Sa palagay ni PGMA, bakit dapat alisan ng mga armas ang bansang Iraq?

Ayon kay PGMA, ano ang maaaring gawin ng mga mamamayan?

Nasagutan mo ba ang aking mga tanong?  Narito ang mga sagot:

- Sa paniniwala ni PGMA, ang digmaan sa Iraq at ang gulo sa Mindanao ay iisa ang kaaway—terorismo.
- Kailangang tanggalan ang Iraq ng mga armas sa malawakang pamumuksa dahil ang mga ito ay maaaring dalhin sa Pilipinas at gamitin ng mga terorista sa pag-atake sa mga kawawang sibilyan.

- Kailangang magbantay ang mga mamamayan laban sa mga gustong magsamantala sa krisis tulad ng pagtatago ng suplay ng pagkain o paniningil ng sobra. Mahalagang mai-report ang sinumang tindera o negosyante na nagtataas ng presyong hindi dapat.

Ano ang iyong napansin sa tekstong iyong binasa? Hindi ba't nagtataglay ito ng mga pagkukuro, paniniwala o pananaw ni PGMA ukol sa terorismo?

Ano ba ang tawag sa tekstong naglalahad ng pagkukuro, paniniwala o pananaw ng isang ukol sa isang maselan o mahalagang isyu?

Tama! Ito ay tinatawag nating tekstong *argumentativ*.

Ano ba ang tekstong *argumentative*?

Ang isang teksto ay *argumentativ* kung ito ay naglalahad lamang ng isang mahalagang pagkukuro, paniniwala o pananaw. Hindi ito humihikayat sa mambabasa upang tanggapin ang mga patotoo ukol sa isang pananaw, ngunit nagbibibay ito ng mga mungkahi o alternativong solusyon na sa palagay ng may-akda ay mabisa o efektibo.

Malinaw na ba sa iyo ang araling itinuro ko sa sub-aralin na ito? Naghanda ako ng mga gawain para sa iyo upang lalo mo pang mahasa ang iyong kasanayang natamo.

**Linangin**

I. Tukuyin kung ang mga sumusunod na teksto ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

1. Nagkaroon ako ng pasyenteng bata na ang amoy ng sipon ang inirereklamo ng ina. Ayon sa ina, mabaho raw ang sipon ng bata (hindi mabaho ang karaniwang sipon). Nang sinilip ko ang loob ng butas ng ilong, nakita ko ang waring piraso ng tela na nakasuksok doon. Malalim na ang pagkakabaon nito sa loob ng ilong. Nang makuha ko ito, nagulat ako na foam pala ito ng sofa na unti-unting ipinasok ng bata sa loob ng ilong hanggang sa mapipi ito duon. (Luis P. Gatmaitan, MD)

2. Ang kompyuter ay produkto ng makabagong teknolohiya. Ito ay isang elektronikong kasangkapan na ginagamitan ng kuryente. Binubuo ito ng tatlong mahahalagang bahagi: monitor, keyboard, mouse at CPU (*central processing unit*). Tumutulong ito sa tao upang mapadali ang pagmamanipula ng mga datos. (Ligaya Tiamson Rubin)

3. Naiiba sa karaniwang mga langgam si Anggam. Isa sa ugaling inaayawan ng kanyang kasamahang langgam ay ang pagiging tamad niya. Wala siyang ginawa kundi maghapong matulog. Samantalang nagkakandarapa sa paghahakot ng mga pagkain ang kanyang mga kasama. Pero, pagdating sa pagkain, alerto siya.

4. Sa pagpasok ng taon, 14 ulit nang nagtaas ng presyo ang gasolina sa kabuuang P7.35 kada litro, habang P7.05 kada litro naman ang kabuuang tinaas ng diesel na 14 ulit na nagmahal. Magtataas pa ang presyo ng fuel kapag itinaas na ng Korte Suprema ang pagpigil nito sa pagpapatupad ng expanded-valued-added tax.

5. Nagbago na ang mukha ng Tondo. Tapos na raw ang masasayang araw ng mga "halang ang kaluluwa" dahil ang mga dating siga, ngayon ay nagtataguyod na ng mga proyekto para sa mga kabataan. Ito raw ay para makaiwas sa mga rambol at droga. Pero sa paglilinis ng Tondo sa kanyang imahe, may ilang lugar naman sa Metro Manila ang tila nanganganak ng bagong pugad ng mga siga.

6. Taong 2001, bigla na lamang naglaho si Danny at walang makapagsabi kung saan siya naroon. Hinanap siya ng mga kamag-anak at kakilala. Buong Mindanao ay hinagilap siya subalit walang balitang nakalap tungkol sa kanya. Hanggang isang araw, may isang taong sumulpot at ibinalitang nakakulong si Danny sa Malaysia dahil sa salang pagpupuslit ng tao patungong Sabah.

7. Layunin ng 13 bansa sa Asya sa inilunsad na Asian Environmental Compliance Network (AECEN), kasama ang Pilipinas na isulong at pagtibayin ang pagpapatupad at pagpapasunod sa mga batas pangkalikasan. Isa itong napakagandang simulain ng isang ugnayang makapagsasaayos ng mga problemang dulot ng pagkasira ng ating mga likas-yaman.

8. Sa isang Parliamentary System, ang namumuno sa gobyerno (ang tawag sa kanya ay Prime Minister o Premier) ay hindi direktang hinahalal ng mamamayan. Sa sistemang ito, ang mga mamamayan ay naghahalal muna ng mga kasapi ng Parliament. Ang mga kasapi naman ng Parliament ang maghahalal ng Prime Minister. Ang Prime Minister , kasama ang kanyang gabinete na pipiliin din niya mula sa mga kasapi ng Parliament, ang siyang magpapatakbo ng gobyerno. Kadalasan, ang pinuno ng partidong may pinakamaraming nanalo sa Parliament ang siyang pinipiling Prime Minister.

9. Pinapangalandakan ng Malacañang na mas mabilis daw ang gobyerno sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mamamayan sa ilalim ng isang parliamentary system. Kapag hindi kasi maganda ang performance ng Prime Minister at kanyang gabinete ay maari silang tanggalin at palitan agad ng Parliament. Ngunit paano ngayon kung magkasabwat ang Prime Minister at ang Parliament? Paano kung sila ay nagkakaunawaan na isulong ang kanilang sariling kapakanan at hindi ang kapakanan ng mamamayan? Hindi malayong mangyari ito dahil galing din sa Parliyamento ang Prime Minister, at kadalasan, iisa sila ng partido.

10. Nagpahayag ng kasiyahan ang Malakanyang sa balitang mula sa Washington, D.C. na nagsasaad na hiningi ng Pangulong George W. Bush sa Kongreso ng Amerika ang $164 milyong tulong panghukbo at pangkabuhayan sa Pilipinas para sa taong 2005 na higit na malaki sa dating tulong sa bansa.

Tapos ka na ba? Narito ang mga wastong sagot. Tingan mo nga kung tama ang iyong mga sagot.

I.

1. deskriptiv
2. informativ
3. narativ
4. informativ
5. ekspositori
6. narativ
7. informativ
8. informativ
9. argumentativ
10. informativ

Kung ang iyong nakuha sa gawaing ito ay higit sa kalahati, maaari mo nang puntahan ang susunod na gawain, ngunit kung hindi umabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, hinihikayat kitang balikan ang ating isinagawang pagsasanay. Marahil, may mga bahaging malabo pa sa iyo.

Salamat!

**Gamitin**

I. Bumuo ng mga tanong mula sa tekstong binasa. Pagkatapos, tukuyin kung ang teksto ay deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ. Maaaring Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

1.Pang-apat ngayon ang Pilipinas sa hanay ng tulong militar ng EU at pangalawa naman sa may pinakamalaking tulong na natatanggap mula sa international military education and training program (MET) ng EU. Ang Pangulong Bush at Pangulong Macapagal-Arroyo ay kapuwa nangakong ang kanilang mga bansa ay magsusulong ng mga programang tungo sa kapanatagang pampulitika at pangkabuhayan nang magsagawa ng state visit sa Pilipinas noong Oktubre 2003 ang Pangulo ng EU.

2.Maaring mabiktima ang lahat ng diabetes—bata, matanda, sanggol, dalaga, binata at iba pang lahi. Katunayan, malaganap ang sakit na ito sa Amerika Latina, sa Estados Unidos, mga taga-Asya Pasipiko. Dahil dito, dapat na malaman natin kung paano ito matutukoy at nang agarang maagapan at nang hindi na lumala pa.

3. Ipanawagan sa pamahalaan na ituon ang salapi at panahon sa digmaan laban sa kahirapan at lumalalang estado ng kalusugan at edukasyon. Lagi nating tandaan na anuman ang mangyari, tayong lahat ay Pilipino, ikaw man ay anak ng Kristiyanismo, Protestanismo, Islam o ibang pananampalataya. Ang pagsibol ng pagmamahalan sa ating mga puso ang ating panlaban sa takot at lagim na dala ng terorismo. Ang karahasan ay magbubunga lamang ng panibagong karahasan. Ang kulturang pagtutulungan, pakikilahok at walang-dahas ang susi at matibay nating sandata kontra terorismo.

4. Sa murang edad na 17 ay ipinakasal si Nanay Biding kay Juanito, kapitan ng bangka, ng kanyang mga magulang, bahagi ng matandang kaugalian. Lima ang kanilang naging supling, tatlo rito ay sumakabilang-buhay na. Sa pagpanaw ng kanyang kabiyak, ang mga

tip (P20 hanggang P200) sa pagdarasal, bagama't di nagpapabayad, ay nakatulong sa kanyang pamilya.

5. Sa totoo lang, hindi na pwedeng magreklamo ang gobyerno na puro negatibo ang iniuulat ng media sa taong bayan. Wala naman kasi talagang nangyayaring maganda sa bansa natin. Kailangan nilang tanggapin 'yon kasabay ng konting pagkapahiya. Hindi kailangan ng taong-bayan ng bagong patakaran o batas.

6. Sa pagdarasal ay bitbit ni Nanay Biding ang isang maliit na itim na bag na naglalaman ng lahat niyang kailangan: booklets na pinamagatang Katesismong Maikli o Dasalan at Tanungan ng Doctrina Cristiana ayon sa Katesismo ng Papa Pio X (1929), Purihin ang Panginoon, Debosyon sa Mabathalang Awa, Pagsisiyam sa Kamahalmahalang Puso ni Jesus at Ang Banal na Oras; prayer leaflets ni St. Therese of the Child Jesus, itim at tinitiklop na pamaypay, dalawang kuwintas na rosaryo (isa ay itim at ang isa ay puti), bracelet na rosaryo na kadalasan niyang gamit, suklay (pangkamot daw sa ulo niya kapag nangangati habang nagdarasal), maliit na vicks (para sa hapo), dalawang tig-P5 coins (pang-donate), puti at "laced: na bilog na belo, at ang senior citizen's identification card.

7. Nagimbal ang buong mundo sa napabalita na paghagupit ng tsunami sa iba't ibang bahagi ng timog-Silangan Asya at Silangang Africa noong Disyembre 26. Tinatayang umaabot sa 150,000 ang nasawi mula sa Malaysia, Somalia, India, Sri Lanka, Myanmar, Bangladesh, Thailand, Maldives at Indonesia sanhi ng lindol na namataan sa bahagi ng Indian Ocean, may lakas na 9.0 magnitude ito malapit sa Indonesia. Kaya hindi kataka-taka na mas maraming nasawi sa bansang ito.

8. Dahil sa palm pilot, nagiging palaasa na lamang ang tao sa teknolohiyang gamit na ito. Malakas diumano ang radiation nito. Mahal din ang ganitong klase ng kasangkapan. Hindi praktikal. Mabilis mawala sa uso. May limitasyon ang memorya. Nagiging sanhi ng pagbabanta ng buhay ng isang tao. Agaw-pansin ito sa mga holdaper at magnanakaw.

9. Aktibista ka man, mamamahayag, prominente o simpleng tao, pwede kang maging biktima, saang mang lugar, sa anumang oras. Ang kakatwa, namamahay ang takot sa ating mga puso sa kabila ng katotohanang mayroong gobyernong nangako sa atin ng kaligtasan; mayroong AFP at PNP na nagsabi sa ating pangangalagaan nila ang seguridad ng bawat isa sa atin. Kunsabagay, ano nga ba ang maaasahan natin sa mga pangakong sa loob ng ilang tao'y palagi namang napapako?

10. Ang TV o telebisyon ay isang kasangkapang elektronik na sa ngayon ay itinuturing bilang basic commodity. Ito ay may kakayahang magpalabas ng biswal at odyong transmisyon ng mga tunog at imahen mula sa ipinapadala ng iba't ibang satelayt ng industriya ng brodkasting upang makarating sa mga tagapanood.

Tapos ka na ba? Narito ang mga wastong sagot. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

| Mga Tanong | Uri ng Teksto |
|---|---|
| 1.<br>• Pang-ilan ang Pilipinas sa nakatanggap ng tulong military mula sa Estados Unidos?<br>• Ano ang ipinangako ni Pang. Arroyo at Pang. Bush? | Informativ |
| 2.<br>• Sinu-sino ang pwedeng mabiktima ng diabetes?<br>• Saang mga bansa laganap ang sakit na ito? | Informativ |
| 3.<br>• Bakit ipinanawagan ng awtor na ilaan ng pamahalan ang panahon at salapi sa kalusugan at edukasyon? Ano ang kanyang paniniwala?<br>• Sa palagay ng awtor, paano masusugpo ang terorismo? | Argumentativ |
| 4.<br>• Isalaysay ang buhay ni Nanay Biding.<br>• Paano siya nabubuhay? | Narativ |
| 5.<br>• Ayon sa awtor, bakit hindi dapat magreklamo ang gobyerno ukol sa mga ibinabalita ng media sa taong-bayan? | Argumentativ |
| 6.<br>• Anu-ano ang laman ng itim na bag ni Nanay Biding? Ilarawan ito. | Deskriptiv |
| 7.<br>• Ano ang gumimbal sa mundo noong Disyembre 26?<br>• Ilan ang nasawi?<br>• Anu-anong mga bansa ang apektado ng tsunami? | Informativ |
| 8.<br>• Ano ang paniniwala ng awtor ukol sa palm pilot? | Argumentativ |
| 9.<br>• Anong isyu ang inilantad ng awtor sa talata?<br>• Bakit namamahay pa rin ang takot kahit na may pangako ang gobyerno? | Ekspositori |
| 10.<br>• Ano ang TV o telebisyon? | Informativ |

Ano ang iyong napansin sa pagbubuo ng mga tanong mula sa mga talatang iyong binasa? Hindi ba ang mga tanong na iyong nabuo ay tumutukoy o sumasagot sa mga katangiang dapat taglayin ng isang teksto?

Halimbawa, sa tekstong informativ, kadalasang ang mga tanong na mabubuo rito ay ang mga tanong na nagsisimula sa *sino*, *ano*, *ilan*, *saan* at iba pa na humihiling ng informasyon.

**Lagumin**

Sa sub-aralin na ito, pinag-aralan mo ang ukol sa iba't ibang uri ng teksto. Ito ay ang tekstong deskriptiv, narativ, ekspositori, informativ, o argumentativ

*Deskriptiv* ang teksto kung naglalarawan ito ng isang viswal na konsepto tungkol sa isang tao, bagay, pook, o pangyayari. Maaaring nagbibigay rin ito ng mas malalim na paglalarawan sa kabuuan ng bagay o ng isang pangyayari. Anumang nakikita, nadarama, nasasalat, napakikinggan, at nalalasahan kapag isinulat ay matatawag na isang tekstong *descriptiv*.

*Narativ* ang teskto kapag nagbibigay ito ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang nagpapakita ng mga imformasyon tungkol sa mga tiyak na sitwasyon, tagpo, panahon, at mga tauhan. Naglahad ito ng isang pangyayari o karanasan sa kanyang buhay ang may-akda. Maaaring tumalakay sa kaisipang pinaninindigan ng may-akda ang isang tekstong narativ. Ilan sa mga halimbawa ng tekstong narativ ay ang talaarawan, mga artikulo tungkol sa paglalakbay, mga tudling sa mga dyaryo, at iba pa.

*Ekspositori* ang teksto kung ang tungkulin nito ay makapagbigay ng anumang uri ng imformasyon o kaalaman. Nagpapakita o nagpapakilala ito ng kaalaman ng anumang katotohanang nauukol sa lahat nga aspeto ng buhay. Ang mga imformasyon sa tekstong ekspositori ay resulta ng mga pag-aaral o pananaliksik, pakikipanayam, paglalakbay sa ibang lugar, at iba pa. May mga tekstong ekspositori ring nasusulat tungkol sa mga pulitiko, artista, at iba pang kilalang tao na nagbubunyag ng kanilang mga itinatagong kagalingan o kaya ay katiwalian na lingid sa kaalaman ng maraming tao.

*Informativ* ang teksto kung nagtataglay ito ng mahahalaga at tiyak na imformasyon tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari. Kalimitan itong tumutugon sa mga tanong na Ano, Sino, at Paano. Taglay ng tekstong ito ang mayamang kaalaman na maaaring matamo ng bumabasa.

Ang isang teksto ay *argumentativ* kung ito ay naglalahad lamang ng isang mahalagang pagkukuro, paniniwala o pananaw. Hindi ito humihikayat sa mambabasa upang tanggapin ang mga patotoo ukol sa isang pananaw, ngunit nagbibibay ito ng mga mungkahi o alternativong solusyon na sa palagay ng may-akda ay mabisa o efektibo.

**Subukin**

Kung minsan, ang isang teksto ay nagtataglay ng higit sa isa sa mga tekstong ating tinalakay. Halimbawa, kung minsan ang isang tekstong informativ ay posible ring maging deskriptiv sa ilang bahagi.

Narito ang isang buong teksto, tukuyin mo kung anong uri ang bawat bahagi nito.

**Higit Pa sa Pahirap**

(1) *Paano nangyari na ang mga mamamayan ng bansang Pilipinas — isang bansa na may mayamang lupain at sagana sa tubig at may mayayamang pangisdaan — ay nagtitiis na kumain ng mga "processed food" tulad ng mga noodles at de-lata na gawang pabrika?*

(2) Hindi lamang ang nagbabantang pahirap ng pagtaas ng buwis — mula 10% patungong 12% Value Added Tax (VAT) — ang lumutang na usapin sa mga nakalipas na araw. Ayon sa isang ulat ng Philippine Star nitong ika-1 ng Pebrero, kasama sa mga inaprubahan ng Kongreso na patawan ng buwis ay ang mga, "poor man's staple"— pan de sal, noodles, at de lata.

(3) Kaya naman ang mga maka-mahirap daw na mambabatas, sige ang pagtatanggol sa mga mahihirap na lalong maghihirap sa pagbili ng mga nabanggit na produkto. Nguni't bukod sa usapin ng buwis, dapat din nating suriin: paano nangyari na ang mga mamamayan ng bansang Pilipinas — isang bansa na may mayamang lupain at sagana sa tubig at may mayayamang pangisdaan — ay nagtitiis na kumain ng mga "processed food" tulad ng mga noodles at de-lata na gawang pabrika? Ang mga pagkaing nasa orihinal nitong anyo, tulad ng isda, gulay, manok at iba pa, ay ang mga pagkaing ayon sa ulat ay balak panatilihing "exempted" o hindi papatawan ng VAT.

(4) Nguni't hindi ibig sabihin nito, sapat na ang hindi pagkain ng de-lata o noodles para payagan ang pagtaas ng VAT. Paano naman ang panukalang pagtataas ng buwis sa mga kumpanya ng petrolyo at mga planta ng kuryente? Dahil sa kailangang ibiyahe maging mga gulay at isda, tiyak na may epekto pa rin ang pagtaas ng VAT kahit pa sa mga exempted na produkto.

(5) May VAT o wala, makikita rito ang pangangailangan ng ibayong suporta sa lokal na produksyon na pangunahin ay para sa lokal na pagkonsumo upang mabawasan ang labis na gastos sa transportasyon nito at iba pa. Ang pakikilahok ng mga pamilya, paaralan, mga barangay at maging mga taga-lungsod sa produksyon ng pagkain ay isang paraan ng pagbawi ng likas na kapangyarihan ng mga mamamayan sa pagtatakda ng ekonomiya ng bansa. Ilan sa mga posibleng pamamaraang makakatulong ay mga gulayan sa barangay na pinayayaman ng kompost mula sa mga nabulok na basura,

gayundin ang pagpapahiram ng mga tiwangwang na lupain sa mga maliliit na magsasaka.

(6) Maliliit na hakbang ito upang lutasin ang isang napakalaking problema, at nangangailangan ito ng malaking pagbabago sa gawi ng ating pamumuhay at pananaw ng pamahalaan sa ekonomiya. Nguni't ang mumunting pagkilos ng mga pangkaraniwang mamamayan ay higit na katanggap-tanggap kaysa panonood na lamang sa bangayan ng mga mayayamang pulitiko at pagtanggap na lamang sa kung ano man ang ibigay nila sa atin.

(7) Mahirap lunukin ang pagtaas ng VAT kahit pa sa harap ng sinasabing krisis ng gobyerno sa pondo, lalo't saksi rin naman ang mga mamamayan sa patuloy na maluhong pamumuhay ng mga opisyal at magastos na pamamahala ng gobyerno. Nakakasuka namang tanggapin na kaya lamang natin tututulan ang VAT ay upang tuluyan nating matanggap na mabuhay tayo sa salat-sa-sustansyang mga pagkain tulad ng noodles at de-lata.

*(Pinagkunan: http://www.bwf.org/balikas/2005/05/ed_01.shtml)*

Nasagutan mo na ba? Narito ang mga wastong sagot. Iwasto mo nga ang iyong sariling papel:

1. Argumentativ
2. Informativ
3. Narativ
4. Argumentativ
5. Argumentativ
6. Argumentativ
7. Argumentativ

Muli, kung iyong nakuhang wastong sagot ay higit sa kalahati, puwede mo nang puntahan ang panghuling pagsusulit. Ngunit kung hindi nakaabot sa kalahati ang iyong nakuhang tamang sagot, pumunta ka sa Paunlarin. Ito ay para rin sa iyong ikahuhusay. Hindi naman tayo nagmamadali. Nais kong masiguro na bago mo iwan ang isang aralin ay lubos mo itong naiintindihan.

Maraming salamat sa iyo, kaibigan!

**Paunlarin**

Narito ang isa pang teksto. Suriin mo kung anong uri ng teksto ang mga bahagi nito. Isulat sa Isang hiwalay na papel ang iyong sagot.

**Ang Halaga ng Malayang Pamamahayag**

*"Kung ako ay papipiliin; sa Bayang may pamahalaan subali't walang pahayagan; at sa bayang; may pahayagan subali't walang pamahalaan; ang pipiliin ko ay ang huli."*

- Thomas Jefferson

(1) Ang pamamahayag ang isa sa pinaka-mahalagang karapatan ng tao sa ilalim ng isang bansang ang pamahalaan ay sumusunod sa patakaran ng demokrasya. Ang karapatang ito ay nakatalaga sa Saligang Batas o Konstitusyon.

(2) Sa pamamagitan ng pamamahayag na naipa-aabot sa pagsasalita o panulat ay nagkakaroon ng kabatiran ang mamamayan sa mga ginagawa at 'di ginagawa, sa pagkukulang o pagmamalabis ng mga naglilingkod sa pamahalaan.

(3) Nakakalungkot na sang-ayon sa ulat ng "International Federation of Journalist (IFJ)" at ng "National Union of Journalist of the Philippines (NUJP)", ang ating bansa ay napasama sa ilan sa pinaka-mapanganib na lugar para sa mga mamamahayag.

(4) Sa 55 mga mamamahayag (journalist) na namatay buhat ng taong 1986 dahilan sa pagtupad ng kanilang katungkulan o propesyon ay 13 sa mga ito ay sa Pilipinas pinatay. Ang kamatayan nila ay bunga ng kanilang walang takot na pagpapahayag ng mga katiwalian, at mga kasamang ginagawa ng mga may kapangyarihan sa pamahalaan o sa lipunan kanilang ginagalawan.

(5) Hanggang ngayon ay buong giting at tapang pa ring hinaharap ng mga mamamahayag ang kanilang tungkulin sa kabila ng katotohanang ang pagtupad nila sa banal at dakilang gawaing ito ay naglalagay sa malaking panganib sa kanilang buhay.

(6) Ang pagbubunyag sa bayan ng mga katiwalaan at pagmamalabis ng mga may katungkulan at kapangyarihan sa pamamagitan ng pahayagan, radio at telebisyon ay mabisang lunas upang ang mga bulok na gawaing ito ay mapatigil at mapa-panagot ang mga gumawa nito.

(7) Ang mga usaping kriminal ng dating Pangulong Joseph Estrada at ng mga Heneral ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas at marami pang matataas na Pinuno ng ating

Pamahalaan ay bunga ng walang gulat na pagsasaliksik at pagsisiwalat nito sa mga mamamayan sa pamamagitan ng larangan ng pamamahayag. Ang lakas, tibay at sigla ng demokrasya ay nakasalalay sa buhay at mabungang pamamamahayag.

(8) Ang sabi ni Voltaire: "Hindi ako suma-sang-ayon sa iyong sinasabi, subali't katungkulan kong ipagtanggol ang karapatan mo sa pagsasabi nito, kahit ito ay maging dahilan ng aking kamatayan.

(9) Isang banal na tungkulin ng mamamayan na pangalagaan ang karapatan sa pamamamahayag at ipagtanggol ang mga bayani nating mga MAMAMAHAYAG upang buong dangal. Tapang at sipag nilang magawa ang kanilang tungkulin.

Narito ang wastong sagot. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

1. Informativ
2. Informativ
3. Ekspositori
4. Narativ
5. Argumentativ
6. Ekspositori
7. Ekspositori
8. Informativ
9. Argumentativ

Sa bahaging ito nagtatapos ang ating pag-aaral, pero bago tayo tuluyang maghiwalay, sagutin mo muna ang panghuling pagsusulit sa GAANO KA NA KAHUSAY? para matiyak natin ang iyong mga natutuhan sa modyul na ito.

## *Gaano ka na kahusay?*

I. Tukuyin kung saan ginagamit ang mga sumusunod na panandang diskurso. Piliin sa kahon ang titik ng iyong sagot.

| | |
|---|---|
| a. enumerasyon | b. order/pagkakasunud-sunod |
| c. komparison at kontras | c. sanhi at bunga |

______1. Ang mga hakbang ay …
______2. Ilan sa mga …
______3. Salungat sa …
______4. Dahil sa …
______5. Gayan ng una…pangalawa...
______6. Kabaligtaran ito…
______7. Ang mga patunay …
______8. Ganito ang dapat gawin…
______9. Gayundin ang …
______10. Kabilang dito…

II. Lagyan ng panandang diskurso ang mga sumusunod na pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| tulad ng | Gayundin | | Ilan sa mga | Higit na |
| dahil sa | kaya | katulad ng | kabilang dito | gaya ng |
| Unang…Sumunod…At ang pinakahuli | | | sanhi ng | |

1. ___________makikita ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa ilang ulit na pagtaas ng presyo ng mga produktong ptrolyo, kuryente at tubig nitong unang hati ng 2005.
2. Hindi masusuportahan ng mamamayan ang anumang bagong gobyerno na hindi makakagawa ng kagyat at medium term na aksyon para maibsan ang tindi ng kahirapan ng mamamayan. _______________ kagyat na hakbang ay: (a) pagtatakda ng mga kontrol sa presyo ng mga bilihin, laluna ang mg batayan at mahahalagang proukto at serbisyo (3) ______________ ng produktong pangkonsumo, petrolyo, tubig at kuryente.
3. Mismong sa loob ng gabinete ni Arroyo ay bumaliktad na rin. ____________ ang mga pulitiko at lider ng mga koalisyong nagtaguyod sa gobyernong Arroyo.
4. Ang kompyuter ay nagagamit sa halos lahat ng bagay ____________ ng komunikasyon, enterteynment at pag-aaral.
5. Bukod sa taunang pagdiriwang ng Pista ng Masskara, marami pang pang-akit ang lungsod sa mga turista, _______________ ang mga lumang simbahan sa Bacolod, ang mga parke, ang mga museo, at iba pang pook libangan.
6. May 59 na embahada at 19 na konsulado ang Pilipinas sa iba't ibang mga bansa, ________________ napapanatili ang mabuting pakikipag-ugnayan at

napangangalagaan ang interes ng Pilipinas at kapakanan ng mga Pilipinong nasa ibang mga bansa.

7. Natuklasan na marami sa mga kababaihan ay natatakot na gumamit ng contraceptive _________________ pangamba na may masama itong epekto sa kalusugan.
8. Tatlong linggo nang binubulabog ng mga nakamamatay na karamdamn ang ating lalawigan. ______________ bumati sa atin ang balitang may kaso ng bird flu sa isang poultry sa Calumpit. ______________ ay ang pitong-buwang sanggol na hinihinalang namatay dahil sa sakit sa meningococcemia. At ang ______________, dengue fever na dumale sa 17 katao sa San Miguel.
9. Hindi ito ang unang pagkakataong naging saksi tayo sa mga eksena ng desperasyon at pagmamakaawa _______________ labis na pag-aalala at pagkatapos, ng matamis na ngiti at luwalhating dulot ng pagbabalik ng ating mga OFW sa mainit na yakap ng kani-kanilang pamilya.
10. Ang amoy ng hanging nalalanghap natin ngayon ay halos _______________ ng hanging una nating nalanghap noong 2001, ang pinakahuli at pinakabagong alaala natin ng EDSA at demokrasya.

III. Piliin ang wastong salita. Isulat ang tiktik ng iyong sagot.

1. Si Asyong Aksaya ang ______________ kathang tauhan ng kilalang kartunistang si Larry Alcala.
   i. pinakapaborito
   ii. pinakasikat
   iii. pinakakilala

2. Ang Kalabog en Bosyo ang ______________ kwento sa komiks ni Alcala.
   i. pinakaluma
   ii. pinakamatanda
   iii. pinakamakasaysayan

3. Ang mga pamilya mula sa rehiyon ng Caraga ang may _______________ na kita sa buong Pilipinas.
   i. pinakakarampot
   ii. pinakakaunti
   iii. pinakamaliit

4. Maraming naging _______________ sa pagtanggap sa Filipino bilang wikang pambasa.
   i. hadlang
   ii. harang
   iii. pader

5. Malaking bahagi sa kaunlaran ng buong bansa ay ________________ sa pag-unlad ng kabuhayan ng iba't ibang rehiyon sa Pilipinas.
   i. nakasalalay
   ii. nakadepende
   iii. nakasandal

6. Ang karapatan na magkaroon ng _______________ tirahan ay isa sa mga matagal nang ipinapaglaban ng mga maralitang pamilya.
   i. marangya
   ii. disente
   iii. maayos

7. _______________ ng Korte Suprema ang pagpapatupad ng VAT law noong Hulyo 1 dahil sa mga sinampang petisyon na naglalayong _______________ ang batas.
   i. Itinigil, mapawalang-halaga
   ii. Sinuspindi, mapawalang-bisa
   iii. Isinara, maibasura

8. Patuloy na _______________ ng gobyerno ang pag-alis ng maraming manggagawa at profesyunal na Pilipino dahil sa halaga ng mga remitans na nagmumula sa kanila.
   i. niyayaya
   ii. hinihikayat
   iii. pinipilit

9. Ayon sa 90.7% Pilipino, dapat ipatupad ng pamahalaan ang ________________ ng sahod ng mga manggagawa para _______________ sila sa sunud-sunod na pagtaas ng mga bilihin.
   i. pagdaragdag, makahabol
   ii. pagpapataas, makaagapay
   iii. pagpaparami, makalaban

10. Si Soy Onthai ay isa sa maraming Thai na ______________ sa kalunsuran upang maghanap ng mabuting kapalaran.
   i. tumakas
   ii. umalis
   iii. lumikas

IV. Pagsunud-sunurin ang mga salita ayon sa antas ng kahulugan nito. Lagyan ng bilang.

1. _____ nakita
   _____ nasilayan
   _____ natanaw

2. _____ dalisay
   _____ malinis
   _____ wagas

3. _____ kwentuhan
   _____ huntahan
   _____ usapan

4. _____ malupit
   _____ masama
   _____ marahas

5. _____ sagana
   _____ matiwasay
   _____ sapat

6. _____ nagtaka
   _____ nagulat
   _____ namangha

7. _____ lumikha
   _____ gumawa
   _____ imbento

8. _____ pasakit
   _____ pasanin
   _____ parusa

9. _____ nagbitiw
   _____ umayaw
   _____ bumaba

11. _____ bumuti
   _____ gumanda
   _____ umayos

V. Piliin ang wastong salita/sagot sa kahon. Isulat sa isang hiwalay na papel ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| *informativ* | *narativ* | *argumentativ* |
| *deskriptiv* | *ekspositori* | |

1. ________________ ang teksto kung naglalarawan ito ng isang viswal na konsepto tungkol sa isang tao, bagay, pook, o pangyayari. Maaaring nagbibigay rin ito ng mas malalim na paglalarawan sa kabuuan ng bagay o ng isang pangyayari.

2. ________________ang teskto kapag nagbibigay ito ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari habang nagpapakita ng mga imformasyon tungkol sa mga tiyak na sitwasyon, tagpo, panahon, at mga tauhan.

3. ________________ ang teksto kung ang tungkulin nito ay makapagbigay ng anumang uri ng imformasyon o kaalaman. Nagpapakita o nagpapakilala ito ng kaalaman ng anumang katotohanang nauukol sa lahat nga aspeto ng buhay.

4. ________________ ang teksto kung nagtataglay ito ng mahahalaga at tiyak na imformasyon tungkol sa mga tao, bagay, lugar, at pangyayari.

5. Ang isang teksto ay _________________ kung ito ay naglalahad lamang ng isang mahalagang pagkukuro, paniniwala o pananaw. Hindi ito humihikayat sa mambabasa upang tanggapin ang mga patotoo ukol sa isang pananaw.

VI. Isulat sa patlang kung ang mga sumusunod na teksto ay *deskriptiv*, *narativ*, *ekspositori*, *informativ*, o *argumentativ*.

________________1. Ayon sa alamat, ang pangalan ng Gasan ay hango sa salitang *Gasang-gasang*, na ang ibig sabihin ay mga batong hibasan na nagkalat malapit sa bunganga ng ilog ng Matandang Gasan. Ang pangpang ng matandang ilog na ito ay pinaniniwalaan ng marami na umano'y naging tirahan ng mga naunang tao sa isla ng Marinduque, ang mga sinaunang Gaseño.

________________2. Nanaig ang katauhan ni Kenkoy sa gitna ng makukulay na mga tauhan tulad niya Mang Teroy at Aling Matsang, mga magulang ni Knekoy; Rosing, ang mahinhing dalagang minamahal ni Kenkoy' Tirso, ang karibal ni Kenkoy; Talakitok, ang sinto-sinto; Nanong pandak, ang ulo ng yamang tauhan, at iba pa.

________________3. Nang makatanggap si Lydia dela Torre, isang biyudang magsasaka sa Iloilo, ng text message na nagsabing nanalo siya ng P950,000 sa isang raffle, agad niyang ibinigay ang ilang "bayarin". Desidido rin siyang lumuwas sa Maynila para makuha ang premyo.

________________4. Hindi Kiko o Kikoy kundi Kenkoy ang ibinigay ni Tony Velasquez, Ama ng Komiks sa katauhan ni Francisco Harabas, personifikasyon ng mga kanto boy na walang ginawa

kundi maghintay ng belasyon o magbiro sa mga nagdadaan. Laging isputing at nangingintab ang buhok sa pomada, maporma, at di nawalalan ng abilidad sa buhay – ito si Kenkoy sa mga mambabasa noong dekada 1930.

________________5. Magaling din ang pagkagawa nito. Upang lubos na maunawaan at tuloy-tuloy ang daloy ng mga pangyayari ay may narrator na nagpapaliwanag. Maliwanag at klaro ang boses ng narrator. Ang mga kanta at musika ay bumabagay din sa dokyu. Madalas na pinapakita ang mga taong magkaakbay at samasama sa piketline. Ngunit meron ding eksena kung saan kinakausap o iniintervyu ang mga indibidwal or maliit na grupo. Sa huli ay pinapakita ang tuloy-tuloy na pakikibaka ng mga manggagawa at manggagawang bukid ng hacienda ng mga Cojuango-Aquino kung saan ginanap ang Hacienda Luisita Masaker.

________________6. Bukas at sa Linggo ay tutungo ang humigit-kumulang 60,500 mag-aaral sa mga testing center upang kumuha ng University of the Philippines College Admission Test (UPCAT). Ito at ang kanilang mga marka sa hayskul ang magiging batayan kung makapag-aaral sila o hindi sa isa sa anim na kampus ng UP.

________________7. May 6,000 lisensyadong manggagamot ang naka-enrol sa mga nursing school, bilang paghahanda sa trabaho sa ibang bansa. Mahigit ito sa doble ng 2,000 doktor na nag-aral maging nars noong isang taon. Kumukuha na rin ng nursing ang mga accountant, engineer at maging mga abogado.

________________8. Ang Barangay Estrella ay nasa bulubundukin at maburol na bahagi ng Bayan ng San Pedro, Laguna sa gawing kanluran. Humigit kumulang anim at kalahating kilometro ang layo mula sa kabayanan ng Bayan ng San Pedro. Ang karatig barangay ng Barangay Estrella sa gawing Silangan ay Bagong Silang at sa gawing kanluran ay Barangay Langgam sa timog ay ang Barangay Unite Better Living at sa gawing hilaga ay ang Sitio Baya-Bayanan na sakop ng Barangay San Vicente.

________________9. Ang pamamahayag ang isa sa pinaka-mahalagang karapatan ng tao sa ilalim ng isang bansang ang pamahalaan ay sumusunod sa patakaran ng demokrasya. Ang karapatang ito ay nakatalaga sa Saligang Batas o Konstitusyon. Sa pamamagitan ng pamamahayag na naipa-aabot sa pagsasalita o panulat ay nagkakaroon ng kabatiran ang mamamayan sa mga ginagawa at ‘di ginagawa, sa pagkukulang o pagmamalabis ng mga naglilingkod sa pamahalaan.

________________10. Nagimbal ang buong mundo sa napabalita na paghagupit ng tsunami sa iba’t ibang bahagi ng timog-Silangan Asya at Silangang Africa noong Disyembre 26. Tinatayang umaabot sa 150,000 ang nasawi mula sa Malaysia, Somalia, India, Sri Lanka, Myanmar, Bangladesh, Thailand, Maldives at Indonesia sanhi ng lindol na namataan sa bahagi ng Indian Ocean, may lakas na 9.0 magnitude ito malapit sa Indonesia. Kaya hindi kataka-taka na mas maraming nasawi sa bansang ito.

VII. Sumulat ng isang maikling talata sa alinmang uri ng tekstong ating natalakay na. Ipawasto ito sa iyong guro pagkatapos.

Pagkatapos mong sagutan ang panghuling pagsusulit na ito, kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sariling papel.

Mas mataas na ba ang nakuha mo kaysa sa unang pagsusulit? Kung tumaas ay binabati kita ngunit kung mas bumaba, maaari mo pa ring balikan ang mga nakalipas na aralin. Muli, ito ay para rin sa iyo. Hindi naman tayo nagmamadali. Mas mahalaga para sa akin ang matututo ka.

O sige na kaibigan, sandali munang akong mamamaalam sa iyo.

Hanggang sa susunod na modyul.

Salamat!